The Fourth Congress, 1959
A Period of Political and Institutional Change

The year 1959 was a significant period in Philippine political history, marked by major legislative reform growing economic nationalism, and political developments that would influence the country's direction i the following decades.

The Fourth Congress of the Republic of the Philippines (1958–1961), meeting P. Garcia, played an important role in strengthening the institutions of the you as still consolidating its independence following the end of American colon questions of economic sovereignty, political patronage, rural inequality, a American capital.

Central to the political climate was Garcia's Filipino First Policy, introduc Filipino citizens and businesses priority in the national economy. Cong tensions between economic nationalism, industrial development, foreig longstanding political and commercial relationship with the United Sta

During its 1959 sessions, the Fourth Congress enacted important l Philippine governance. Among the most consequential were the which strengthened merit-based government employment and es Local Autonomy Act (RA 2264), which expanded local govern which strengthened grassroots self-government; and the Medi

Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

published in Bagong Buhay, 1959

The significance of the Fourth Congress in 1959 therefore extende was a period w economic cont leaders who w

compiled and prepared by
Karen Berthelsen Cardenas

Copyright of the collection ©2026 by Karen Berthelsen Cárdenas
Copyright of the articles ©Nita Umali Berthelsen

This collection or any portion thereof may not be reproduced, used,
or sold in any manner whatsoever without the express written permission of the copyright holder.

design and production: kmbc
karenberthelsen@gmail.com

Araw ng Kongreso: Kamara

published in Bagong Buhay, 1959



Nita Umali

(Nita Umali Berthelsen)

CONTENTS

What is Bagong Buhay: Araw ng Kongreso?

The Fourth Congress, 1959

- What is?
- Sessions
- List of Senators and representatives

Columns: KAMARA ni Nita Umali

- These are the columns we have been able to find.
  There are gaps in the middle, but the opening and closing sessions are included.

  The numbering represents the countdown of 100 days.

Nita Umali Berthelsen, a short bio

Bagong Buhay: Araw ng Kongreso by Nita Umali and Mary Ruff Tagle

Bagong Buhay was a prominent Tagalog-language daily newspaper established in 1922 and revived in 1946 post-war Manila. It was known for its news coverage, historical interviews, and its accompanying Sunday supplement, Magasin ng Bagong Buhay.

For the Second Regular Session of the 4th Congress of the Philippines in 1959 (January 26 – May 21), Bagong Buhay ran a series, "Araw ng Kongreso" in a boxed section of the front page of the newspaper. It was written in tandem by Nita Umali and Mary Tagle.

In post-war Manila journalism, women reporters were typically relegated to the society, lifestyle, or women's sections. Umali and Tagle stood out as the two of the very first female beat reporters assigned directly to the legislative galleries, covering floor debates, committee hearings, and political maneuvering in Congress.

The congressional beat was overwhelmingly dominated by men, such as Vicente M. Tañedo, Angel D. Quiambao, Primitivo Mijares, and Jose Aspiras.

Covering the Senate and the House of Representatives was considered one of the highest-ranking assignments in Manila journalism after covering "lesser" beats like police, courts, or labor before politics.

Tagle and Umali stepped directly into the male-dominated legislative galleries, offering sharp, accessible reporting on floor debates, committee hearings, and the personalities shaping national policy. Tagle covered the Senate (Senado), and Umali covered the House of Representatives (Kamara)

Because daily issues of Bagong Buhay from this period remain largely undigitized in public archives, these preserved clippings serve as a rare primary record of both late-1950s Philippine legislative history and the early contributions of women to political beat reporting.

• Nita Umali-Berthelsen (1923–2014): Beyond her sharp political reporting and essays on post-independence Philippine politics, she was a celebrated fictionist and journalist who covered Congress during a turbulent decade marked by the Huk rebellion, the Magsaysay era, and intense legislative debates.

• Mary R. Tagle(1925 -1996) : Known for her incisive political reporting and feature writing, Tagle covered the legislative beat alongside Umali, profiling lawmakers and documenting the inner workings of the 1950s Congress, later becoming a respected editor and columnist.

The Fourth Congress, 1959

The year 1959 was a significant period in Philippine political history, marked by major legislative reforms, growing economic nationalism, and political developments that would influence the country's direction in the following decades.

The Fourth Congress of the Republic of the Philippines (1958–1961), meeting under President Carlos P. Garcia, played an important role in strengthening the institutions of the young republic. The country was still consolidating its independence following the end of American colonial rule in 1946, while confronting questions of economic sovereignty, political patronage, rural inequality, and the continuing influence of American capital.

Central to the political climate was Garcia's Filipino First Policy, introduced in 1958, which sought to give Filipino citizens and businesses priority in the national economy. Congressional debates reflected the tensions between economic nationalism, industrial development, foreign investment, and the Philippines' longstanding political and commercial relationship with the United States.

During its 1959 sessions, the Fourth Congress enacted important legislation that helped shape modern Philippine governance. Among the most consequential were the Civil Service Act (Republic Act No. 2260), which strengthened merit-based government employment and established the Civil Service Commission; the Local Autonomy Act (RA 2264), which expanded local government powers; the Barrio Charter (RA 2370), which strengthened grassroots self-government; and the Medical Act (RA 2382), which established standards for medical education and professional licensing. Another notable measure was RA 2140, which renamed Highway 54 in honor of the Filipino scholar Epifanio de los Santos, giving Manila what would become one of its most historically significant thoroughfares, EDSA.

The Congress also addressed agricultural tenancy, industrial incentives, taxation, and the protection of Filipino economic interests. These measures reflected a broader effort to modernize public administration and encourage national development while reducing dependence on foreign economic interests.

Politically, 1959 was also a turning point. Ferdinand E. Marcos, then a Liberal Party congressman representing the Second District of Ilocos Norte and serving as House Minority Floor Leader, emerged as an increasingly prominent national political figure. In the November 1959 midterm elections, he won a seat in the Senate, beginning his ascent to Senate leadership and eventually the presidency in 1965. The elections also reflected shifting political alliances and the weakening of reformist opposition forces.

The significance of the Fourth Congress in 1959 therefore extended beyond its legislative accomplishments. It was a period when the Philippines was redefining the relationship between national independence and economic control, strengthening its democratic institutions, and witnessing the emergence of political leaders who would profoundly shape the country's subsequent history.

Sessions and membership

The Second regular session began on 26 January 1959 and ended on 21 May 1959. Under the 1935 Constitution, regular sessions of Congress were limited to 100 days, excluding Sundays, and special sessions to 30 days.

The Senate (Upper House) and the House of Representatives (Lower House) were informally referred to as Senado and Kamara. In 1959, both the Philippine Senate and the House of Representatives held their sessions in the Legislative Building (Old Congress Building) on Padre Burgos Avenue, Ermita, Manila.

Senators serving during January–June 1959

The following 22 names are identifiable from the Senate's historical Fourth Congress directory and the pre-December 1959 roster. Ruperto Kangleon had died in February 1958; senators first taking office in December 1959 are excluded.

- Domocao Alonto
- Eulogio Balao
- Edmundo B. Cea
- Mariano Jesus Cuenco
- Rogelio de la Rosa
- Oscar Ledesma
- Roseller T. Lim
- Fernando Lopez
- Alejo Mabanag
- Pacita Madrigal Gonzales
- Ambrosio Padilla
- Quintin Paredes
- Emmanuel Pelaez
- Cipriano Primicias Sr.
- Gil J. Puyat
- Claro M. Recto
- Francisco Soc Rodrigo
- Eulogio Rodriguez Sr.
- Decoroso Rosales
- Pedro Sabido
- Lorenzo Sumulong
- Lorenzo M. Tañada

Leadership: Eulogio Rodriguez Sr. (President); Fernando Lopez (President pro tempore); Cipriano Primicias Sr. (Majority Floor Leader); Ambrosio Padilla (Minority Floor Leader).

House of Representatives: district roster

Roster of 102 district seats as represented before the December 1959 Senate transitions.

Province / city	District	Representative
Abra	Lone	Lucas P. Paredes
Agusan	Lone	Guillermo R. Sanchez
Aklan	Lone	Jose B. Legaspi
Albay	1st	Tecla San Andres Ziga
Albay	2nd	Justino Nuyda
Albay	3rd	Pio Duran
Antique	Lone	Tobias Fornier
Bataan	Lone	Jose R. Nuguid
Batanes	Lone	Manuel Agudo
Batangas	1st	Apolinario R. Apacible
Batangas	2nd	Numeriano U. Babao
Batangas	3rd	Jose Laurel IV
Bohol	1st	Natalio P. Castillo
Bohol	2nd	Bartolome Cabangbang
Bohol	3rd	Maximino A. Garcia
Bukidnon	Lone	Cesar M. Fortich
Bulacan	1st	Jose Suntay
Bulacan	2nd	Rogaciano Mercado
Cagayan	1st	Felipe R. Garduque Jr.
Cagayan	2nd	Benjamin Ligot
Camarines Norte	Lone	Pedro Venida
Camarines Sur	1st	Agaton A. Ursua
Camarines Sur	2nd	Felix Fuentebella
Capiz	1st	Gerry Roxas
Capiz	2nd	Cornelio Villareal
Catanduanes	Lone	Jose M. Alberto
Cavite	Lone	Justiniano Montano

Cebu	1st	Ramon M. Durano
Cebu	2nd	Sergio Osmeña Jr.
Cebu	3rd	Maximino Noel
Cebu	4th	Isidro Kintanar
Cebu	5th	Miguel Cuenco
Cebu	6th	Manuel A. Zosa
Cebu	7th	Antonio de Pio
Cotabato	Lone	Salipada Pendatun
Davao	Lone	Gavino R. Sepulveda
Ilocos Norte	1st	Antonio Raquiza
Ilocos Norte	2nd	Ferdinand Marcos
Ilocos Sur	1st	Faustino B. Tobia
Ilocos Sur	2nd	Godofredo S. Reyes
Iloilo	1st	Pedro G. Trono
Iloilo	2nd	Pascual Espinosa
Iloilo	3rd	Domitilo G. Abordo
Iloilo	4th	Ricardo Yap Ladrido
Iloilo	5th	Jose Aldeguer
Isabela	Lone	Delfin B. Albano
La Union	1st	Francisco Ortega
La Union	2nd	Manuel T. Cases
Laguna	1st	Jacobo Z. Gonzales
Laguna	2nd	Wenceslao Lagumbay
Lanao	Lone	Laurentino Ll. Badelles
Leyte	1st	Marcelino Veloso
Leyte	2nd	Dominador Tan
Leyte	3rd	Nicanor Yñiguez
Leyte	4th	Daniel Romualdez
Leyte	5th	Alberto T. Aguja
Manila	1st	Salvador L. Mariño

Manila	2nd	Joaquin R. Roces
Manila	3rd	Ramon Bagatsing
Manila	4th	Augusto S. Francisco
Marinduque	Lone	Francisco M. Lecaroz
Masbate	Lone	Emilio Espinosa Jr.
Misamis Occidental	Lone	William Chiongbian
Misamis Oriental	Lone	Fausto Dugenio
Mountain Province	1st	Juan Duyan
Mountain Province	2nd	Ramon P. Mitra
Mountain Province	3rd	Luis Hora
Negros Occidental	1st	Vicente F. Gustilo Sr.
Negros Occidental	2nd	Inocencio V. Ferrer
Negros Occidental	3rd	Agustin M. Gatuslao
Negros Oriental	1st	Lorenzo Teves
Negros Oriental	2nd	Lamberto L. Macias
Nueva Ecija	1st	Eugenio T. Baltao
Nueva Ecija	2nd	Celestino C. Juan
Nueva Vizcaya	Lone	Leonardo B. Perez
Occidental Mindoro	Lone	Felipe S. Abeleda
Oriental Mindoro	Lone	Conrado M. Morente
Palawan	Lone	Gaudencio E. Abordo
Pampanga	1st	Francisco Nepomuceno
Pampanga	2nd	Emilio P. Cortez
Pangasinan	1st	Aguedo F. Agbayani
Pangasinan	2nd	Angel B. Fernandez
Pangasinan	3rd	Cipriano Primicias Jr.
Pangasinan	4th	Amadeo J. Perez
Pangasinan	5th	Luciano Millan
Quezon	1st	Manuel S. Enverga
Quezon	2nd	Leon Guinto Jr.

Rizal	1st	Benedicto Padilla
Rizal	2nd	Francisco Sumulong
Romblon	Lone	Jose D. Moreno
Samar	1st	Eladio T. Balite
Samar	2nd	Valeriano C. Yancha
Samar	3rd	Felipe J. Abrigo
Sorsogon	1st	Salvador R. Encinas
Sorsogon	2nd	Vicente Peralta
Sulu	Lone	Ombra Amilbangsa
Surigao	Lone	Reynaldo P. Honrado
Tarlac	1st	Jose Roy
Tarlac	2nd	Constancio Castañeda
Zambales	Lone	Genaro Magsaysay
Zamboanga del Norte	Lone	Alberto Ubay
Zamboanga del Sur	Lone	Canuto Enerio

House leadership in 1959: Speaker Daniel Z. Romualdez; Speaker pro tempore Constancio E. Castañeda; Majority Floor Leader Jose M. Aldeguer; Minority Floor Leader Ferdinand E. Marcos.

29 January 1959

96 Araw sa Kongreso

1-29-59

KAMARA

ni Nita Amali

Ang pamagat ng talumpati ng Kinatawang Cases ng Ilokos kagabi ay "Gahasa ng Naric." Ilang beses tinikman ni Cortez ng Pampanga na makasingit ng salita subali't hinabadlangan agad siya.

* * *

Ayaw daw niyang mapasukan sa kanyang pagsasalita, ang sabi ng kinatawan ng Ilokos, subali't kung may gustong malaman ang kongresistang taga Pampanga tungkol sa kanyang mga sinasabi, may dokumento siyang nakahanda.

* * *

"Sino ba iyang diputadong iyan na kamukha ni Diomedes Maturan?" tanong ng isang ale sa likod namin.

"Yon ba, yon ba?" turo ng kanyang katabi. "Si Gerry Roxas iyan. Anak ni Presidente Roxas."

(Sa pahina 12 pitak 4)

* Ni Nita Amali

(Buhat sa pahina 1)

Pinagusapan ng "Ways and Means Committee" ang tungkol sa "tax census." Pag hindi raw naipasa ang "amendment" sa batas na ito, bago matapos ang buwan, ang magbabayad ng multa ay hihigit sa 11 milyong mamamayan.

* * *

Ayon sa mga pagsusuri, na milyong tao sa Pilipinas ang dapat magharap ng kanilang deklarasyon sa senso buwis. May 1,400,000 lamang ang nagharap. Ang mga pamularyo naman na naipamigay ng gobyerno sa mga mamamayan ay bumibilang ng 4 milyon.

Gustuhin man nila, talagang walang magagawa ang 10 milyon na hindi inabutan ng pamularyo.

* * *

Dahil dito, maaaring mapalong ang paghaharap ng "tax census" hanggang sa 1961. Pinapalitan din ang ibang hinihingi nito, gaya ng pagtatanong kung anu-anong personal na ari-arian ng naghaharap. Ang Kinatawang Jose Roy ng Tarlak ay siyang tagapangulo ng lupong nagaaral sa bagay na ito.

* * *

Napaligaw sa kongreso si Senador Quintin Paredes kaguni. Naupo siya sumandali, subali't hindi pa dumarating ang kalagitnaan ang pagsasalita ni Cortez ay nawala na siya.

* * *

May kalaban na ang Pangulong Garcia sa pagiging pinuno ng bayan sa 1961. Ayon sa hula ng isang papelito na kumampot ng Kinatawang Ortega sa isang restauran sa Hongkong, hindi matatagalan at siya ay magiging isang President. Subali't hindi pabigla-bigla ang kinatawang mula sa Unyon. Ang balita ay pagigiit ng Senador lamang ang kanyang inaambisyon sa susunod na halalan.

30 January 1959

95 1-30-59 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Talagang tila masama na ang preno ng P i l i p i n o. Noong nakaraang gabi, samantalang pula ang ilaw sa Azcarraga, kanto ng Quezon Blvd. ay tumigil ang dalawang magkasunod na auto. Humahaurot na dumating sa likuran nila ang isang malaking bus. Nagpreno man ng husto, hindi rin napigil ang dambuhala at tuloy na sumalpok sa likod ng huling autong nakatigil.

Ang may-ari ng autong nabangga na kulay berde ay kay Kong. Gonzales ng Laguna.

(Sa pahina 8, pitak 6)

* **Ni Nita Umali**

(Buhat sa pahina 1)

Wasak na wasak ang likod. Subali't hindi iyan lamang. Pagkabangga sa kanya, bumangga naman ang unahan nito sa nauna sa kanya na ang may-ari naman ay isang Gobernador.

May isang itim na librong maliliit, puno ng kung anu-anong bagay, na siya marahil naglalaman ng pinakamaraming inpormasyon, o maaaring sekreto, tungkol sa Kongreso. Ito ay ang libro ni Vicente Logarta, kalihim ng Kongreso.

Karamihan daw nito ay palalaala tungkol sa mga rekomendasyon, bill, at lahat ng bagay na ipinupunta araw-araw ng maraming mamamayan sa gusaling batasan.

Ang minsan ay tinawag na tinik sa tagiliran ni Senador Pelaez, ang Kin. Dugenio ng Misamis, ay tila hindi pa nabubunot, at ayong sa usap-usapan ay lumalaki pa.

May nagtatanong tuloy kung kasama si Dugenio sa seminar na gaganapin sa Mindanaw, mula sa Lunes hanggang Miyerkoles? Ang mga pupunta ay dalawang Senador, at walong diputado ng Mindanaw. Ang paguusapan ay economic development, at tila ang may balak nito ay si Pelaez.

Si Sekretaryo Juan Pajo ay maaari nang makita ngayon nang walang "appointment" ng mga Kongresista. Ayon kay Vicente Logarta, ang mga araw ng Miyerkoles at Biyernes mula sa ika-11 hanggang ika-12 ng tanghali, ay nakatakda na sa mga Senador at diputado ng bansa.

Nagkakagulo ang mga diputado tungkol sa Amerika. Mahalan pa ba o hindi na, iyang ang buod ng usapan. Si Ligot ng Kagayan ay galit sa Amerika, at gusto ay hiwalayan na. Si Espinosa ng Masbate naman ay nagsabing may katotohanan ang mga paratang sa ating lumabas sa magasin Time.

31 January 1959

94 1-31-59 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Hihilingin ni Kong. Ligot ng Kagayan sa Pangulong Garcia na itigil ang pagpasok ng magasing **Time** dito sa Pilipinas. Humingi na si Ligot ng araw sa Malakanyang upang mapag-usapan nila ang bagay na ito.

Ayon sa kinatawan ng probinsiya ng tabako, ang anomang pamimintas na makasisira at makaiinsulto sa pangasiwaan, lalo na kung nanggagaling sa isang taga ibang bansa, ay may uring panliligalig kung susuriin.

Bolahan ng mga katagang magaganda noong isang gabi. Nagsasalita si Osmeña nang gustong sumabad ni Marcos. Tinanggihan ito ni Osmeña, gusto raw niyang matapos muna.

Mayamaya, si Zosa naman ang gustong sumabad kung magmamagandang ugali raw si Osmeña.

Sagot ni Osmeña, gusto nga sana niyang magmagandang

(Sa pahina 8, pitak 2)

At Nita Um...

(Buhat sa pahina 1)

ugali kay Zosa dahil sa hiling nito, subali't kung magmagandang ugali siya rito, ibig sabihin nagmasamang ugali siya kay Marcos. Kung kaya humingi na lamang ng paumanhin si Osmeña, at ang sesyon ay nagtuloy, salamat sa kagandahan ng ugali ng lahat.

Biro ba o katotohanan? Dahil sa naging pansamantalang "Chairman" ng "Foreign Affairs Committee" si Kong. Luciano Millan ng Ilokos, nagpagawa raw agad ito ng mga tarheta na ganito ang nakatitik: "Cong. Luciano Millan, Acting Chairman of Foreign Affairs Committee."

Piknikan sa Linggo sa Nasugbu, Batangas, sa Camp Abehar, tirahan ni Kong. Apacible ng Batangas. Datapuwat hindi litson lamang at hitong inihaw ang dadayuhin ng 200 panauhin.

Magaayos-ayos din ng mga bagay tungkol sa pulitika sa pook na ito.

Matutuwa na si Guinto—tsampion ng sosyedad ng anti kadang kadang. Nagayos na ng isang miting ng lahat ng mga kaalaman tungkol sa niyog, upang pagusapan ang paboritong paksa ni Guinto. Si Senador Pelaez, dating Presidente ng Philippine Coconut Federation, ang nagayos nito.

03 February 1959

93 Araw sa Kongreso

2-3-59

KAMARA

ni Nita Umali

Bagong dating si Manuel Enverga ng Quezon, maitim kay sa dati, dahil daw sa kalalangoy niya nang magisa sa **swimming pool** ng bapor **Victoria**, na siya niyang sinakyan.

Nanggaling siya sa miting ng UNESCO sa Paris, isang "munting delegado" raw siya roon. Sa tingin namin, tumaba at lumaki ang munting delegadong ito.

* * *

Dagdag sa balitang pagkabangga ni Gonzales ng Laguna sa isang sasakyan, dahil sa ang kanyang sasakyan naman ay binangga ng UBL Bus.

Ang kanya palang nabangga ay hindi isang gobernador, kung hindi si Lagumbay ng Laguna rin. At ang may-ari naman ng bus ay isang kakilala ni Gonzales, si Silva ng Lipa, Batangas.

Sabi na nga ba at magkapitbahay man, nagkakabanggaan

(Sa pahina 8, pitak 2)

din.

* * *

Ayon kay Macario Laurel ng Batangas, nito raw huli niyang paglalakbay sa iba't ibang bansa napansin niya na ang ating mga embahada sa lahat ng bansang malalamig ay puno ng empleado at opisyal, samantalang sa mga bansang maiinit, kakaunti lamang ang tao.

Ano kaya ang higit na nakakahikayat sa malamig, maliban sa oportunidad na makapagsoot ng makapal na suwiter!

Ayon pa kay Laurel, sa Tokyo raw, may isa o dalawang opisyal na wala na halos magawa dahil sa pagsalubong lamang sa daan-daang bisitang galing sa Pilipinas, noong panahon ng pamamasyal ng Pilipino sa Hapon.

Samantala, sa Honolulu naman, may isang Konsul at tatlong Bise-Konsul, subalit walang tunay na "stenographer." Noon daw minsan na gustong magpadala ng sulat ng isang Kinatawan sa Pilipinas, sa kanyang mga kasamahan sa Kongreso, hindi maalam kumuha ng "dictation," ang nasa posisyon ng "stenographer."

* * *

Ang lupon sa paggawa at pakikipagpalagayang industriyal ay pupunta sa Ormok, Leyte sa ika-13 ng Pebrero upang suriin ang mga pangyayari roon, at kausapin ang mga manggagawa na hangga ngayon ay hindi pa nila nakakaharap.

Kung ikaw ay isang Senador at tumulong ka sa isang tao upang makakita ng trabaho, hindi iyan **influence peddling**, ayon sa klasipikasyong ginawa ni Ligot. Subalit kung tumanggap ka ng kabayaran dahil dito, iyan—**influence peddling** yan.

Maganda nga sanang batas ang magpaparusa sa gawaing ito. Lamang, ang hirp ay manghuli ng tunay na **influence peddler**.

Una-una, hindi nagdadala ng resibaryo ang mga **ito**.

Ikalawa, kung may mag-regalo ng manok na ulikba, **influence peddling** ba iyan? Lalo na sa hindi kumakain ng ulikba?

* * *

Gagawing purong Pilipino ang negosyo ng bahay sanlaan, ayon sa isang panukalang batas na kasalukuyang inihahanda.

Ang negosyong ito ay unang naisip ng mga Hudyo, subali't hindi malayo na ang tatlong bola ng mga Medici—senyal ng bahay sanglaan—ay mapalitan ng tatlong niyog—sagisag ng kariwasaan.

04 February 1959

92 Araw sa Kongreso

2-4-59

KAMARA

ni Nita Umali

Napalilibutan si Montano ng mga Kabitenyo. Ang hinihingi nila ay maging halal ang mga pinuno sa Lunsod ng Kabite.

Ayon kay Montano, sangayon siya sa kanilang hinihingi, lamang ang gusto niya ay mangyari ito, hindi para sa Cavite City lamang kung hindi sa lahat ng siyudad ng bansa. Pinauwi niya ang mga taong dumating na may mga dalang kartelon. Nagagalak sa pangako niyang pagtulong sa kanila.

* * *

Iba sa lahat ang barong tagalog ni Montano. Panay ang pirma niya sa damit, na binurdahan sa ibabaw. Masipag din naman ang nagburda, at ang pumirma.

* * *

Naririnig na sa 1961 ay may makakalaban si Babao ng Batangas. Ito kung magkataon ay si Francisco Dipasupil, presidente ng National Press Club. At kung mahigtan niya ang dami ng tagahanga ni Babao,

(Sa pahina 8, pitak 5)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

magkakaroon ng "kapatid" si Millan sa kongreso, isa pang nanggaling sa larangan ng peryodismo.

* * *

Marami rin ang nagsasabi na ang minamanok naman ni Camerino ng Kabite sa pagka gobernador sa susunod na halalan ay alin man kina Leonides Virata, Ben Tirona, at Fernando Campos. Ang hirap lamang, kahit na yata isa sa mga ito ay walang may gustong kumandidato sa puwestong ito.

* * *

Ang opisina ng "Philippine Reparations" sa Tokyo ay laging puno ng mga negosyanteng hapones, ani Ocampo ng Nueva Ecija, sa kanyang *privilege speech*. Ang direksiyon ng opisina ay "Room No. 14, Fourth Floor, Nikkatsu Building, Hibiya, Tokyo."

* * *

Ayon pa kay Ocampo, isang Pilipinong nagpunta sa Hapon upang kumasundo ng mananayaw ng "burlesk" ang nagkunwang mamimili ng lupa para sa embahada ng Pilipinas. Mabuti na lamang at natuklasan agad na wala palang balak ang ating gobyerno na bumili ng *tsubo*.

Ang hepe ng reparasyon sa Burma, ay nagpadala sa Hapon ng ganitong paalaala sa mga Hapones: "Ako ay tumanggap ng mga regalo sa panahon ng tag-init, at sa katapusan ng taon, dahil sa paniniwala ko na ito ang ugali rito sa Hapon. Subali't pamula ngayon, hinihiling ko lamang na huwag na akong padadalhan ng maski na anong regalo.

Hindi ko matatanggap ito dahil sa aking pagiging hepe ng misyon sa reparasyon."

05 February 1959

91 Araw sa Kongreso

2-5-59

KAMARA

ni Nita Umali

Hindi dumating ang espiker kagabi, dahil sa umuwi silang magasawa sa Tarlak. Namatay ang isang amain ni Ginang Romualdez, si Servillano Aquino, sa lolo ni Alkaldè Benigno Aquino ng Tarlak.

Ang umugit ay si Vicente Peralta ng Sorsogon. Dahil sa kanyang kulay, na hindi katulad ng kay Ortega maraming biruan sa ibaba. Nandiyang sabihin na siya ay kapatid ng ating Pangulo, at mayroon namang iba na hindi raw siya maaninawan.

Talagang makabayan si Lagumbay ng Laguna. Nang magpunta siya sa Amerika, at magpasyal sa paligid ng United Nations, ito ang kanyang sinambit: "Ang aking ikinalu-

(Sa pahina 8, pitak 2)

lungkot sa paglalakbay dito ay hindi man lamang ako nakapagtindig ng bandila ng Pilipinas dito."

Si Claudio Cruz, kawani sa United Nations, ay nananawagan sa mga Pilipino na magkaisa sa pagsasatagalog ng salitang "United Nations." Tila ang kanyang gusto, kung siya ang masusunod, ay "Bansang Magkakaanib."

Ano ang ginagawa ng mga diputado pag sila ay naglalakbay. Iba't ibang bagay, napakahabang ilista—at kasali na diyan ang pagakyat sa Estatwa ng Kalayaan.

sulat ng mga artikulo ni Bell ay masasabing hindi niya ginamit ng maayos ang kalayaan sa pamamahayag.

Hagkis ni Lacson

Ang pasiya ng kagawaran ng suliraning panlabas sa suliranin ni James Bell, tauhang pang-Asya ng Time Magazine, ay hinagkis kahapon ni Alkalde Lacson.

"Sa anong bagay natin nilagdaan ang Press Freedom Declarations sa Montivideo at ang United Nations?" tanong ni Lacson.

Ang suliranin ni Bell ay isinisi ni Lacson sa Pangulong Garcia. Niliwanag niya na ang bansa ay "nasasaktan" sa paningin ng daigdig hindi dahil sa artikulo ni Bell kundi dahil sa ating mga hakbang na lumalabag sa kalayaan ng pamamahayag.

06 February 1959

90 2-6-59 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Hindi "basta walis" ang makalilinis sa ating gobyerno, ani Licaros ng Marinduke, sa kanyang pagsasalita kagabi. Ang kailangan daw natin ay **"vacuum cleaner."**

Ang walis ay nagpapalipad lamang ng dumi kung saansaan, samantalang ang **vacuum cleaner** ay humihitit.

May panukalang-batas si Raquiza na ipagbili ang ilang pirasong lupa ng "Social Welfare Administration" sa Mandaluyong, Rizal. Ang mapapagbilhan daw ay gagamitin naman sa pagaayos ng SWA sa Tagkawayan, Quezon.

Humarap si Jose Mapa Gomez, Presidente ng Pederasyon ng Nagtatanim ng Tubo, sa komite ng Labor and Industrial Relations.

Subali't nagbigay muna ng pahiwatig tungkol sa kanyang

(Sa pahina 8, pitak 8)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

katabaan. Nagisip daw nang malalim ang kanilang samahan bago siya ipadala, dahil sa baka akalain ng tao, lahat ng nagtatanim ng tubo ay mariwasa at katulad niya, matataba. Ayon pa kay Gomes halos lahat ng nagtatanim sa Negros ay hindi na kasing yaman ng dati.

Si Marcos ay madaling lumutas ng problema sa kanyang buhay.

May dumating na pases sa kanya na maaaring gamitin sa pagpasok sa karera ng kabayo. "Tukso lamang iyan," sabi ng diputado ng Ilokos Norte. "Mabuti pa ipamigay ko na."

Nang huli naming makita ang pases na kulay rosas, nakapatong sa isang mesa sa kongreso, walang umangkin. Tila walang gustong patukso.

---

07 February 1959

89 2-7-59 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Si Kint. Ferdinand Marcos ng Ilokos ay magsasalita sa Naga bukas, at ang paksang tatalakayin ay tungkol sa hindi pagpapasok kay Bell, manunulat ng 'Time.'

Ayon kay Marcos, kung ang mga Amerikano nga ay pumapayag na pumasok ang mga Ruso sa kanilang bansa, bakit natin pagbabawalan dito si Bell, na isang peryodista?

Nang magsalita si Licaros ng Marinduke kahapon tungkol sa vacuum cleaner, tinanong siya ni B. Ligot kung ano ba ang ibig sabihin ng 'vacuum cleaner.

Ang sagot ni Licaros ay diumaramdam nga niya na hindi niya maisagawang isaysay kung ano nga ba ang 'vacuum cleaner,' at sa pagaakala nanan niya, ay kahit na mga 'vacuum' na ulo ay dapat maalam kung ano ito.

May isang munting salusalo na ginanap sa Manila Hotel. Handog ito ng magkasamang diputado Faustino Tobia at Godofredo Reyes, parehong taga Ilokos.

Ginugulo kahapon si Babao ng Batangas ng kililing ng telepono. Tuwing sasagutin niya, ang hihingin ay ang numerong 65151. Ang numero ng telepono ni Babao ay ang sa Kongreso, 33201, at pagkatapos ay 651

'Hindi ako lalaban sa susunod na eleksiyon,' ani Babao, 'Ngayon, hindi naman ibig sabihin niyan ay hindi ako magkakandidato.'

Noon daw nakaraang eleksiyon, hindi rin siya lumaban, siya ang nilabanan. Siya raw ay umuupo lamang ,hindi kumikibo upang makipaglaban.

Talagang itong si B. Ligot ay maaasahan. Ngayon may isa naman siyang panukalang batas na ipagbabawal ang paglalaro ng madyong. Pati na mga babae, lalakad sa kongreso.

Maraming kolehiyala ng Sta. Teresa sa kongreso kahapon. punung-puno tuloy ang galerya.

'Sabi sa mga libro namin,' bulong nang isa, 'orderly' daw dito. Yan pala, ang gulu-gulo.'

'Dapat huwag suwelduhan sila,' dugtong pa nang isa.

Galing pa rin sa galeryang ito, ang puna na higit daw makisig si Senador Rogelio de la Rosa kaysa kay Kint. Macario Laurel. Kung sa bagay, si Laurel daw ay tiyo ng isa sa kanila.

Gusto nga nilang umakyat sa Senado, subali't ayaw silang papasukin.

Nang lumapit si Laurel, nagbulungan ang mga bata. Kilala raw nila kung sino ang matalik na kaibigan ng batang Laurel sa kanilang kolehiyo.

At alam din nila kung sino ang isang kilalang maganda na isa sa mga 'first love' ni Laurel.

Mahaba ang salitaan kahapon, at halos lahat ay tonong 'privilege speech.' Sina Cases at Abordo ang panalo sa haba ng salita, at tuloy napapanganlang Heremias ng Kongreso si Cases.

10 February 1959



-10-59

KAMARA

ni Nita Umali

Namulaklak ang sariling wika sa kongreso kahapon nang magtalumpati si Lagumbay. At talaga namang higit na maganda siyang magsalita pag ang sariling wika ang kanyang ginagamit.

Nagkaroon ng kaunting katuwaan nang bisayain siya ng mga kinatawang bisaya.

Hindi naringan si Cortes ng Pampanga.

Pinilantik ni Lagumbay ang lisyang pagkahilig sa lahat ng bagay na dayuhan. Mayroon tayong kababayang nakatuklas

(Sa pahina 8, pitak 3)

At Nita Umali

(Buhat sa pahina 1)

ng makina sa industriya ng niyog nguni't makina ng dayuhan ang ating ginagamit, aniya.

Sinabi niyang ang kababayan nating ito ay si Flor. May kumalabit sa kanya at nang sumunod na bigkasin niya ang apelyido ng pilipinong ito ay dinagdagan na niya ng "o" sa huli.

Sa Laguna, ani Lagumbay, may isang batang inhinyero na nakatuklas ng bomba ng tubig sa pamamagitan ng kawayan lamang.

Ngayon umaga may kaukus ang ating Panguio at ang mga kinatawang Nasyonalista sa Malakanyang. Ang paguusapan ay badyet na ihaharap ngayong araw na ito sa Kongreso.

Ngayon ay may Maximiniano Noel ng Sebu sa Kongreso. Hindi malayong magkaroon din ng isang kagawad na Noel sa hinaharap—si Pacita Noel na ngayon ay kalihim panlipunan sa Malakanyang. At hindi rin malayo na sa susunod na halalan ay hindi "iisa-dadalawa" ang Pacita na lalaban. Pax, Pax, ang wika nga sa latin.

Na sa kagawaran ng Sulirang Panlabas si Ramon Mitra kahapon ng umaga.

Tila pinagusapan doon ang tungkol sa kinahinatnan ng kampanya laban sa mga sugalan sa Camp John Hay.

Nang magpadala ng kinatawan ang kagawaran sa Bagyo, wala nang sugalan. Ngayon, minamataan naman nila sa paligid ng Maynila ang mga nagpapalaro ng bingo, na hindi nagbabayad ng buwis.

11 February 1959

87 2-11-59 Araw sa Kongreso

KAMARA
ni Nita Umali

May balak ang ilang kinatawan na ipagbawal sa dayuhan ang pagbubukas ng botika rito.

* * *

Maraming makakalaban ang balak na ito. Marami nang bihasa na mamili sa mga botikang intsik.

* * *

Si Tobia ng Ilokos Sur ay humihingi nang pagsusuri sa katayuan ng mga korporasyon ng gobyerno. Kailangang malaman kung alin ang dapat buwagin, aniya.

* * *

Tinuligsa uli ni Ligot kahapon ang Amerika. Ayon sa kanya, ang dugong nananalaytay sa kanyang katawan ay

(Sa pahina 8, pitak 8)

At Nita Umali

(Buhat sa pahina 1)

dugo nina Lapu-Lapu, Sumaquel, Diego Silang, Bonifacio, Rizal, Mabini, Del Pilar, at Antonio Luna pa.

* * *

Ganito ang natutuhan natin sa amerikano, ayon kay Ligot: ang mga babae ay nag-'bobhair,' 'bikini,' 'slacks.' Ang mga sayaw ay 'boogie-woogie,' 'chicken,' 'jaz.' Nagkaroon tayo ng mga anghel na marumi ang mukha, nakawan sa umaga, at sa lansangan, mga Pilipinong Dillinger at Al Capone.

Ay, buhay!

* * *

Mawawalan ng trabaho ang isang mahalagang elektrisista sa Muntinlupa, pag-nagkataon.

Gusto ni Ursua na alisin ang parusang kamatayan.

* * *

May P2,000 na ang nagagasta ni Gonzales dahil sa pagkabangga ng kanyang sasakyan,. Bukod dito, namaga pa ang kanyang tuhod.

12 February 1959

86 Araw sa Kongreso

2-12-59

KAMARA

ni Nita Umali

Mainit na paksa kagabi ng sagutan ang barter. Na sa mikropono si Espinosa ng Masbate. Sumasabad si Nuyda ng Albay. Sa mga hindi kumikibo ay ganito naman ang iniisip: kung aalisin ang barter, kailangang may kapalit. Subali't hindi nila ito maipahayag sa pangambang magkaroon ng ibang sapantaha sa kanila ang bayan. Ani Roy sa isang tabi: 'Sa tingin ko ay hindi matutuloy ang pagbabago sa batas ng barter.'

'Ano ba ang **basket-dice?**' Iyan ang tanong ng marami, isa na si Roces, pagkabasa ng panukalang batas ni Tecla Ziga kahapon.

Hinihingi nito na maging opisyal na laro ng ating bansa ang **basket-dice.** Kahawig daw ito ng basketbol, subalit ang bola ay may marka, katulad ng **dice.**

Kung maging opisyal ang larong ito, at maging bawal ang madyong; gaganda ang hubog ng katawan ng marami sa ating kababaihan.

Tsampion si Raquiza ng panukalang batas 2460, na kakikitaan ng anino ng usapin ni Bell. At kung magkataon, si Raquiza na nga ang magkakabit ng kampana sa pusa, kung papasa ang kanyang batas na binigyan ng karapatan ang sino mang peryodista na makapasok dito sa Pilipinas, kung naisin ng mga ito.

Nagkaroon ng kaunting gulo sa galerya ng Senado, samantalang nagsasalita si Senador Sabido, nang pumasok ang isang kinatawan, nakasoot ng berdeng polo shirt, murang asul na pantalon, at kapeng sapatos.

'Eto na si B. Ligot,' ang malakas na bulungan na gumapang sa bulwagan.

May balak si Abrigo na bigyan ang lahat ng nakapagaral ng dalawang taon sa mataas na paaralan, at nakapagserbisyo sa gobyerno, ng anim na buwan ng 'civil service eligibility.'

Maaaring mabigyan ng pensiyon na pang-habang buhay si Maria Teresa Larrucea, balo ng nasirang Gobernador-Heneral Francis B. Harrison, kung masusunod ang panukala nina Fornier, Castañeda, Aldeguer, Montano,, Mitra at Lagumbay.

Mapapamahal sina Peralta at Roces sa mga empleado ng gobyerno. Ayon sa dalawang ito, hindi raw dapat makasama ang mga araw ng Sabado at Linggo sa bilang ng araw ng 'vacation' at 'sick leave.' Ang hindi lamang maliwanag ay kung ito ay natutungod sa bakasyon, o sa araw ng trabaho.

Tunay ang pagmamahal ni Cases sa Amerika, sapagka't ayon sa kanyang mga kakilala, hindi iisa o dadalawang taon ang itinagal ng kinatawang ito sa bayan ng mga kahel sa Amerika, pagkatapos na siya ay manggaling sa Alaska.

Sa ganang kanya nga, marahil, ikalawa na niyang bayang tinubuan ito, kung hindi man una.

13 February 1959

85 Araw sa Kongreso
2-13-59

KAMARA
ni Nita Umali

Panay ang pukpok kagabi ng malyete ng espiker. Sagot ni Roces sa ibig makipagusap sa kanya habang nagkakagulo: "Gusto mo ba namang hindi ako makapanood ng pinakamalaking palabas sa mundong ito?"

* * *

Nagsimula ang "ingay-palengke" nang ibig magsalita ni Villareal ng Kapis bago magumpisa ng isang oras na pagsasalita si Ferrer

Tinukoy ni Villareal ang isang reglamento sa libro ng kongreso. na sinasabing may karapatan siyang magsalita ng sampung minuto alinsunod sa mga nakatakdang dahilan.

* * *

Pinigil siya ng ibang reglamento na binasa ni Montano. Liparan ang mga salita. Sumabad sina Peralta, Zosa, Ortega, hanggang sa ipinabasa ni Romualdez sa Kalihim Pareja

(Sa pahina 8, pitak 6)

NI NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

ang mga reglamento.

* * *

Hindi rin natapos ang usapan. Hindi magkasundo kung aling reglamento ang dapat sundin, ang sampung minuto na tinutukoy ni Villareal, o ang nagsasabi na ang isang oras na pribilehiyo na kasunod ng "roll call."

* * *

Nagtanong si Marcos ng Ilokos kung ang minorya ay puwedeng magsalita lamang kung may kapahintulutan ng mayorya, dahil sa sinabi ni Montano na siya ay nagsasalita sa pangalan ng kongreso.

Sagot ni Marcos: "Pag nagsasalita ang plor lider ng Mayorya, siya ay nagsasalita lamang para sa Mayorya. Maliban na lamang kung siya ay umaanib na rin sa mga Liberal."

* * *

Nagtangka si Ligot na pakinggan siya. "Ako ay may mosyon," wika niya. Nang hindi siya agad makapagsalita. ipinagdiinang ang mosyon daw niya ay makapipigil sa lahat ng ibang mosyon at makakaayos sa usapan. Hindi rin naayos ang usapan.

Si Macias ay tumindig at nagagalit na nagwikang may ilang kinatawan na gumagawa lamang ng palabas upang makuha ang simpatiya ng mga nanonood.

* * *

Pagkatapos magbotohan at matalo ang mga magkakasamang Liberal, at hindi nakapagsalita si Villareal, tumindig ito, hawak ang libro ng mga reglamento, at sa harap ng lahat ay sinunog ito.

* * *

Sabi ni Romualdez habang nasusunog an,g librito: Magingat kayo, baka masunog ang inyong silya."

* * *

At bilang pangwakas, ang laging maaasahang si Cortes ay nagsalita ng tapos na ang lahat, at ang sabi: "Ganyan din lamang na sunog na ang libro ng reglamento ng minorya, di sila ngayon ay wala nang reglamento."

14 February 1959

84 Araw sa Kongreso

2-14-59

KAMARA

ni Nita Umali

Sa kahabaan ng talumpati ni Emilio Cortez ng Pampanga, walang ibang napagusapan sa kongreso kahapon, kundi ilang batas na pawang pagpapalit ng pangalan ng mga nayon.

Ayon kay Cortez, hindi naman kasing sama ng sinasabi ni Cases ang NARIC.

Ayon pa rin kay Cortez, ang tunay na ugat ng ating paghihirap ngayon ay mga kastila na noong unang panahon ay siyang naglagay ng maliwanag na guhit na naghiwa-

(Sa pahina 8, pitak 8)

NI NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

lay sa mga napakayaman at napakahirap.

'Sayang ang Kinatawang Enverga,' sabi ng isang kilala rin naman dito sa Maynila. Ayon dito, at sa mga iba niyang kasamahan, lubhang mabuting tao si Enverga, at dapat sana ay hindi na umalis sa pagiging isa sa pangunahin nating manananggol, at 'educator.'

Mahinang mahina ang patakbo ng sasakyan na minamaneho ni Macario Laurel ng Batangas, samantalang tila nagpapahangin siya sa Dewey Boulevard kahapon, matapos ang sesyon.

Ilang matatandang dalaga na nakasalubong niya ang napilipit ang leeg sa pagtingin sa 'napakabatang diputadong iyon.'

May balita na ang magiging kandidato sa probinsiya ng Bohol sa 1961 ay isang babae. Kung magkaigi, ito na marahil ang siyang magiging kandidato opisyal ng partido.

Ang sandaling hindi pagkakasundo ng Senado at Kongreso ay naayos na, at may mga komite na naman ang bawa't isa na siyang magpaplantsa ng mga lukot ng buhay.

Pagsusuri, pagsusuri, at pagsusuri na naman.

Ang pinakabago ay ang pagsusuring idaraos ng komite sa reparasyon na pinamumunuan ni Francisco Ortega. Sa Miyerkoles, magkikitakita ang mga miyembro ng komite upang pagusapan kung paano nila gagawin ang pagsusuri.

Sugod, mga kababayan! ang sabi nga ng ating mga impo.

17 February 1959

83 2-17-59 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Umpisa na nga ang Kuwaresma. Walang gaanong gulo sa Kongreso, at marami ang mukhang inaantok.

Bago nagsimula ng isang oras na talumpati si Jose Leido ng Mindoro Oryental, hiniling niya na wala sanang magpapatigil sa kanyang pagsasalita.

* * *

Samantalang siya ay nagsasalita, nagkatabi si Ramon Durano at si Cortes, at maliwanag na narinig na sinabi ni Durano

(Sa pahina 8, pitak 2)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

sa huli, "O, sige mag-"interpollation" ka na . . ."

* * *

Isang babae lamang ang makakaisip ng ganitong panukala: na dagdagan ang buwis sa pagpasok ng mga tsinelas na goma. Ito ay bill ni Tecla San Andres Ziga, na siya ring may akda ng bill sa "basket-dice.'

* * *

Anong kulay kaya ang mapipili ng gobyerno upang ipinta sa kanilang mga sasakyan? May panukala na gawing lahat ng sasakyan ng gobyerno ay isang kulay lamang, at may nakasulat na"For Official Use Only."


Harinawang hindi "olive drab."

* * *

Magkakaroon ng dalawang bagong munisipyo sa Quezon, ang Dilasig at San Luis. Ito ay panukala ni Enverga, at gaya ng alam ng lahat, bihira sa ganitong uri ng batas ang hindi pumapasa.

Kung sa pangalan lamang, at pagtatatag ng bayan, maluwag ang pagbibigayan ng mga kinatawan sa isa't isa.

13 February 1959



KAMARA

ni Nita Umali

Karaniwan, si Shakespeare lamang ang bumabaligtad sa kanyang nitso pag nagkakainglisan sa Kongreso.

Subali't kahapon, pati na si Cervantes ay hindi maitali. Kastila at Ingles ay nagsirkuhan sa bulwagan nang si Abrigo ng Samar ay sumalakay sa wikang Kastila sa mga sinasabi ni Bartolome Cabangbang sa wikang Ingles.

Sa kanyang **privilege speech**, ang tinukoy ni Cabangbang ay pagbabawas ng kapangyarihang militar sa ating bansa.

Unang nakipagsagutan sa kanya si Perez ng Pangasinan. Ayon kay Perez, si Cabangbang pa naman ang kanyang ninanais na maging Sekretaryo ng "National Defense". Ngayon, si Cabangbang na rin daw ang nagsasara ng pintuan sa kanyang sarili.

Ayon kay Perez, tila si Cabangbang ang "mata at tainga" ng Pangulong Garcia sa Kongreso.

Tinanggihan ito ni Cabangbang. Ang maging "mata at tainga" ay gaya na rin daw ng maging espiya, at iyan ay hindi siya.

"Kung ganoon," ang wika ni Perez, "ako ay makakapagsalita na nang malaya kahit ang kausap ko ay kayo." (si Cabangbang)

Naulit ang tungkol sa mga Boholano.

"Ngayon na napaguusapan ang mga Boholano," wika ni Perez, at hindi naituloy ang sasabihin, dahil sa ingay ng tawanan sa galerya. Kinailangan tuloy na magpukpok ng malyete ang Espiker.

Nang pumasok ang salitang Kastila sa usapan, tinanong ni Perez ang napakakayumangging si Abrigo, kung kastila ang ginawang opisyal na salita ng Bloke ng Arabe.

Ang isa pang palaging maasahang si Ligot ay hindi nagpabaya, at nagpakilalang nakabasa rin siya ng "Don Quixote." Tumindig, at nagsabi: "Un ruego parliamentario...." Hindi na narinig kung ano ang ruegong ito dahil sa ingay.

Sa labas naman ng gusali ng kongreso, ang pinagpapakuan ng mga mata ay si Padre Hilario Lim. Mahigit sa 24 na oras na hindi kumakain. Nagumpisa ang kanyang "welga sa pagkain" noong Lunes ng ika-5 ng hapon.

Sa mga lumapit sa kanya, ayon sa kapatid nito, ay kabilang sina Senador Tañada at Recto. Gayon din ang isang diputado na "may bigote" at isang "mataba na maputi ang buhok na taga Laguna."

Tila ang tinutukoy ay sina Roces at Gonzales. Nang gabi na ay lumapit din sa kanya ang magasawa ni Licaros.

* * *

"Malaking pagkakamali ang akala ng marami na "excomunicado" si Padre Lim," ang sabi ng kanyang kapatid.

Kahapon daw ng umagang umaga, iniwan muna nito ang kanyang puwesto, at nagpunta sa simbahan ng Ermita upang magdasal, makinabang, at alalahanin sina Padre Gomez, Burgos, at Zamora.

* * *

Pagkatapos, umuwi siya sumandali sa bahay ng kanyang kapatid upang maghilamos at magbihis. Hindi raw tinanggap ang isa na niluto ng kapatid.

Ang kapatid na ito na babae, si Gng. Kabigting, ay isang nars, kung kaya halos hindi himihiwalayan ang kapatid, at nakabantay din sa harapan ng kongreso, upang tulungan ang pari kung ito ay abutin ng ano mang pagkakasakit.

19 February 1959

81 Araw sa Kongreso 2-19-59

KAMARA

ni Nita Umali

Kailangan din ang tiyempo sa tagumpay. Ayon kay Manuel Enverga ng Quezon, matagal na niyang tinataiakay ang Bell Trade Act at Laurel-Langley Agreement. subali't walang makinig sa kanya.

Ngayon, pagkalipas ng matagal na panahon, ang kanyang mga sinabi ang inuulit ng mga taong noong araw ay ayaw makinig sa kanya.

Si Francisco Sumulong ang bumigkas ng privilege speech kahapon. Halo ang Ingles at Tagalog. Talagang isa sa maipagmamalaki ng kongresong ito ang pagsasalita sa sariling wika.

Si Ramon Bagatsing ng Maynila ay nagsalita rin ng

(Sa pahina 8, pitak 2)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

Tagalog, bagaman lagi kang kinakabahang kastila ang lalabas.

Nagsimula sa pagtatawagan ng ginoo subali't nagtapos sa pagtawag ni Bagatsing kay Sumulong ng, "Panginoong kongresista ng Rizal."

Sinagot naman siya ni Sumulong sa pamamagitan ng pagtawag dito ng "Ang kanyang kamahalan, Ginoong Ramon Bagatsing."

Masakit ang tiyan at maasim ang mukha ni Abeleda ng Mindoro Oksidental. Hindi raw siya kumakain sa maghapon. Talagang usong-uso ito ngayon.

Sa miting ng komite ng kalusugan ay nagusap ang mga doktor na miyembro ng kamara, at saka ang mga hilot ng bansa. Sabihin pa, ang pinagusapan ay ang pangangailangan natin ng marunong maghilot, sapagka't ang kababaihang na sa gulang ng panganganak ay mahigit sa 5 milyon sa buong bansa.

20 February 1959

80 Araw sa Kongreso 2-20-59

KAMARA

ni Nita Umali

Si Ramon Bagatsing ng Maynila ang bumigkas ng talumpating pribilehiyo kagabi tungkol sa barter. Hindi isang industriya lamang ang masasawi kapag inalis ang barter, aniya, at hindi 100 tao lamang ang mawawalan ng hanapbuhay.

Ilang malaking balutan ang dala ni Bagatsing. Binuksan niya ang isa at itinanghal ang mga tabakong ani sa Kagayan, sa Bisaya at sa Isabela. "Ayan, tingnan ninyo, bibilhin kaya ng dolar ang ganitong uri ng tabako? At mayroon ba sa sa inyo na hihitit nito? Ang sabay-sabay na sagutan ay "Puede . . . puede."

Tumindig si Valeriano Yanche ng Samar at ang sabi: "Tatanggapin ko sa kinatawan ng Maynila ang balutang iyan ng tabako pag

(Sa pahina 8 pitak 5)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

kat humihitit ako ng ganyang uri."

Ipinakita rin ni Bagatsing ang ibang uri ng kalakal na naiiuluwas lamang sa pamamagitan ng palitan, gaya ng mababang uri ng abaka at ilang uri ng metal.

Samantalang nagtatalumpati si Bagatsing ay maririnig ang ganitong usapan sa isang dako: "Akalain mo! 'cooking demonstration!' "

Tiyak na tinutukoy ang pagpapakita ni Alkalde Lacson sa kababaihan ng "Homemaker's Club" na marunong siyang magluto ng sardinas.

May isang nagsalita ng ganito: "Alam ba ninyong magaling ding magluto si Bise Alkalde Roces? Sumangayon naman ang alkalde.

21 February 1959



KAMARA

ni Nita Umali

May panukalang batas si Augusto Francisco na palitan ang ngalan ng Dewey Boulevard ng pangalan ng gumawa ng ating kantang pambansa, ang "Land of the Morning." Kung magkaganyan ay magiging pangalan ng Dewey ay Julian Felipe.

Hangga ngayon, wala pang naririnig sa manganganta ng kamara — si Zosa ng Sebu, tungkol sa panukalang ito.

Isang bagay, bukod sa pangalan, ang kapuna puna sa bill. Ang kantang pambansa raw ay salamin ng damdaming maka-sining ng Pilipino.

Kay labo ng salamin!

* * *

Noong isang gabi, sa pagtatanggol ng pagpasok ng gatas na libre sa buwis dito sa Pilipinas, ang dating tahimik na si Tecla San Andres Ziga ay nakatitindig nang hindi oras upang magpatotoo na hindi lamang gatas ng ina ang kinakailangan ng mga sanggol.

* * *

Noong isang gabi, sa pagtatanggol ng pagpasok ng gatas na libre sa buwis dito sa Pilipinas, ang dating tahimik na si Tecla San Andres Ziga ay nakatitindig nang hindi oras upang magpatotoo na hindi lamang gatas ng ina ang kinakailangan ng mga sanggol.

Karamihan daw ng mga ina, na marami na rin namang sanggol na napalaki, ay inuumpisahan ang kanilang mga anak sa gatas na ebaporada pagdating sa tatlo o apat na buwan.

At pati raw naman mga ina ay nangangailangan din na uminom ng gatas. Kailangang bigyan ng tulong ang mga kamay na umuugoy sa duyan, sapagkat ito ring mga kamay na ito ang umuugoy sa mundo, aniya pa.

* * *

Kung magkakaganyan, mga nars, hilot, "atendant." at yaya, ang kasunod na taga-ugoy.

Bukas, pagdating ng mga mambabatas ng Inglatera sa bulwagan ng kamara, mayroon na raw reserbang isang kuwarto na pagtataguan ng apat na magugulong diputado ng Luson, upang ang mga ito ay hindi makaharap sa mga bisita.

* * *

Ayon kay B. Ligot, masyadong maraming prebilehiyo ang mga manunulat sa kongreso. May itinuro siyang isa sa mga ito. "Tingnan na lamang ninyo ang kasuutan niya, polo shirt na kupas, pantalong luma."

Salungat daw sa batas ng parliamento ang ilang mukha na nakikita sa bulwagan.

* * *

Ayon kay Durano, si Cases ay isang milyonaryo na kung umanyo ay aakalain mong mahirap na tao.

Tinawag nga niya ang kinatawang palaging nakabarong tagalog na iba sa lahat —yaring Ilokano—at pinapangako na magregalo sa lahat ng kaibigan nito ng damit na iyon.

Pag nagkataon, si Cases na ang kalaban ni Ligot tungkol sa pananamit.

* * *

Si León Guinto Jr. ng Quezon ang bumigkas ng pribilehiyong talumpati sa isang oras, tungkol sa industriya ng niyog. Nararapat daw tulungan ang magniniyog ng administrasyon.

"Ano ngayon kung hindi mangyari ito," tanong ni Mariño ng Liberal. "Ang Kinatawan kaya ng Quezon ay sumalungat na sa administrasyon at mag Liberal?"

24 February 1959

78 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Samantalang nagbabangga ang lamig ng dating hukom na si Felicisimo Ocampo ng Nueva Ecija, at ang init ng manananggol na si Zosa ng Sebu, sa labas naman ng Kongreso ay umaatikabo ang palakpakan sa talumpati ni Senador Rogelio de la Rosa, bilang panauhin tagapagsalita ng PAFLU ng Maynila.

Ang binigkas ni Ocampo ay tungkol sa 12 bapor na ipinagagawa ng Pilipinas sa Hapon. Ayon sa mga dokumentong dala niya, napakataas ng halaga ng ipinagagawang

(Sa pahina 8, pitak 6)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

mga bapor na ito, at may mga ibang kompanya, sa Hapon din, at saka sa Europa, na nagalok ng higit na mababang halaga kay sa pinagkasunduan.

"Bakit hindi isinubasta?" ang tanong pa ni Ocampo.

Mariin ang boses ni Zosa. Bakit daw sa kamara inihaharap ni Ocampo ang bagay na ito at hindi sa Presidente ng Pilipinas?

Sa labas naman, tinuligsa ni Rogelio de la Rosa ang mga nasa loob. Kailangan daw maalis sa gusaling iyan ang karamihan na ngayon ay siyang naninirahan doon. Iilan daw, tila 10% lamang, ang dapat matira sa loob.

Bago siya umakyat sa entablado upang magsalita sa mga miyembro ng PAFLU at mga kasamahan nitong mga nagwewelga sa UTEX, ipinakilala siya ng ganito: "Senador Rogelio de la Rosa, Presidente ng Pilipinas sa taong 1961."

Sa gitna ng pagtatalo ay napailing si Roces, at bumaling sa mga reporter. "Akalain ba naman ninyo," wika niya, "Boholano pa ang nanalo sa Sweepstakes."

Dumating ang mga panauhing mambabatas ng Inglatera sa kamara, bilang panauhin nito. Bago sila dumating, may mga ipinamudmod na paunawa tungkol sa pagdating ng mga panauhin.

25 February 1959

77 Araw sa Kongreso

KAMARA
ni Nita Umali

Nagturuan sina Cases ng La Union at Veloso kung sino ang may kasalanan sa gusot ngayon sa bakpey—NP o LP?

* * *

Nasyonalista ang nagsimula ng lahat, ani Cases, at sa haba ng sagutan ay nasabi pa ni Cases na sirkero ang mga Nasyonalista.

"Sino ang sirkero," tanong ni Veloso at tinukoy ang isang naging pangulo na pabali-baligtad ng partido.

(Sa pahina 8, pitak 6)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

"Hindi ba iyan?"

Sagot ni Cases: "Hindi sirkero ang presidenteng iyon, arkitekto siya ng bansa."

* * *

Ang hirap sa mga Nasyonalista, ani Cases, pati ninuno nila ay binibigyan ng kasalanan. Hindi malayong pati sina Adan at Eba ay mapahalo sa usapan. Aniya pa: "Ang hirap sa gobyerno natin ay gobyerno ng kumpanyero, kumpadre at tayo-tayo."

* * *

Hirap naman sa mga Liberal, ani Veloso, sigaw nang sigaw nguni't wala namang prueba sa kanilang sinasabi.

* * *

Sa mga unang sandali ng pulong ay nakaupo sa luklukan ng espiker si Agaton Ursua ng Sorsogon. Nang matatapos na ang sagutan nina Cases at Veloso ay tumindig si Ursua at ilang ulit na ipinalo ang malyete. Maya-maya ay may lumapit na potograpo at ilang beses siyang kinunan ng larawan sa ganitong ayos.

* * *

Ngayon ay hindi na "maitatago" ang sasakyan ng gobyerno maliban ang sa pangulo at pangalawang pangulo. May panukalang-batas si Enverga na lahat ng sasakyan ng pamahalaan ay pintahan ng kulay na matingkad na dilaw, parang ibong kilyawan.

* * *

Kailangan na ngang magsanay sa tagalog. Ang huling batas tungkol sa tagalog na akda ng walong kinatawan ay nagtatadhanang gamitin ito sa lahat ng panukala ng gobyerno, gayon din sa mga kartelon, anunsiyo, sedula, selyo, salaping papel at metal at iba pang may kaugnayan sa gobyerno.

Ngayon, ang kulang na lamang ay isang mabuting diksiyonaryong tagalog. Kumusta raw ang Surian.

26 February 1959

76 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Tahimik ang bulwagan sa pagsasalita kahapon ni Antonio de Pio ng Sebu. Lahat ng nagtanong sa kanya ay nagsimula sa ganito: "Kami ay sangayon sa sinabi ng kagalanggalang na kinatawan."

Tungkol sa mga nayon ang paksa ni Pio.

* * *

Pag nagkataon, magkakaikutang lalo ang mga hukom.

May panukalang batas na walang magiging hukom sa isang bayan na kanyang sinilangan, o sa alin mang bayan na tinirahan ng limang taon. Ang "ama" nito ay si Dugenio.

* * *

Ang palangiting kinatawan na si Gene Magsaysay, ay nababalitang aspirante sa pagka-Senador sa halalang darating. Talagang kailangan ang kan-

(Sa pahina 10 pitak 6)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

yang ngiti. Isa pang nababalitang makikitunggali ay si Raul Manglapus.

* * *

Nagiging magastos ang ating pananagalog. Ngayon ay may bago na namang panukala na nagpapalaan ng P120,000 upang maisalin sa tagalog ang lahat ng batas, resolusyon, kautusan at mga proklama at patakaran.

Marahil, higit na makabubuti kung ang kuwaltang ito ay gagamitin sa pagpapagawa ng isang mabuting saligan sa pagsasalin ng Ingles sa Tagalog.

* * *

Hindi marahil matutuloy ang paglilipat ng kabisera ng Pilipinas sa taong nakatakda. May resolusyon na maghintay muna ng limang taon bago maging Quezon City ito, sa halip na Maynila.

* * *

Halos magihit sa tawa si Jose Nuguid at ang isa pang kasama nito kahapon, nang malaglag ang "ball-pen" ni Lagumbay, at kunot ang noong tiningnan nito kung nakakasulat pa ito. Sa tingin namin ay ibang bagay ang nagpatawa sa kinatawan ng Bataan at hindi ang "ball-pen."

27 February 1959

75 2/27/59 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Amali

Dalawang bagay ang ikinabantog ni Benjamin Ligot noong estudyante pa siya sa Unibersidad ng Sto. Tomas. Ang kanyang pangalan at pagka-eksperto niya sa "Admiralty Laws."

* * *

Nasubok kagabi ang kanyang kadalubhasaan nang talakayin niya ang Yateng Lapu-Lapu. Sa pagsisimula pa lamang niya ay nagkaingay na sa pagbigkas niya ng "yats sa katagang "yacht."

* * *

Inihambing ni Ligot ang ang Lapu-Lapu sa Sta. Maria at gumamit ng mga numero tungkol sa "knots," sa gamit na langis, sa gastos araw-araw at iba pang

(Sa pahina 8, pitak 4)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

bagay. Maraming itinanong sa kanya si Abeleda ng Mindoro Oksidental.

* * *

Ang isang tanong ay kung saan nakuha ni Ligot ang mga impormasyong inilalahad niya. Nang sabihin ng kinatawan ng Kagayan na galing sa JUSMAG ay patanong din sa kanya ang sabi nina Abeleda at Cases na "Akala namin ay hindi na kayo kaibigan ng mga Amerikano?"

* * *

Ganito ang iba pang tanong at sagot nila:

Abeleda: Ilan ang kamaroteng primera klase?

Ligot: Isa, ukol sa presidente.

Abeleda: Sa presidente?

Ligot: Sa presidente, pag kailangang gamitin ito. Kung inyong magugunita, ang presidente ay siyang "Commander in Chief" ng ating 'Navy."

Abeleda: Hindi ko nagugunita. Alam ko.

* * *

Tungkol naman sa knots o bilis ng pagtakbo ng bapor.

Abeleda: Paano ang "spelling" ng knots?

Ligot: Kung kayo ang pinatatamaan ko, "nuts," subali't kung tungkol . . ."

* * *

Tanong ni Cases: Ilang "cooks" ang kailangan sa yate?

Ligot: Ano?

Cases: Cooks c-r-o-o-k-s.

Ligot: Ano, Ano?

Cases: C-o-o-k-s.

* * *

28 February 1959

74 Araw sa Kongreso

7/28/59

KAMARA
ni Nita Umali

"Parang estasyon lamang ng tren dito ngayon," wika ng isang manonood sa sesyon kahapon. Halos kararating lamang ng mga kinatawan ay nagaalisan na rin. Ang mga bill ay tinalakay na kasing bilis ng hagibis ng tren. Nagsimula ang sesyon ng ika-10 ng umaga at natapos sa ganap na ika-10:50.

Nakitang paakyat sa hagdan ng gusali si Jose Nuguid.

(Sa pahina 8, pitak 6)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

"Ha, tapos na?" tanong niya. Subali't nagtuloy din sa kanyang opisina.

* * *

May panukalang batas si Inocencio Ferrer, na naguutos sa lahat ng ulo ng pamilya na magtanim, pagdating ng bawa't "Arbor Day," ng isang puno ng saging o ano mang halamang pagkain. Ayon naman kay Feliciano de Gala, Manedyer ng Philippine Coconut Administration, bakit hindi pa gawing isang saging at isang niyog, napakadali namang itanim nitong huli.

* * *

Totoo palang ang arinang luto ay tumitigas na parang kahoy. Tingnan na lamang ang plywood, na gumagamit ng arinang pandikit.

At ngayon, pati na ng Plywood Manufacturer's Association ng Pilipinas ay humihingi na patawarin naman sila, huwag nang pabilihin din ng kasaba, upang makabili ng arina, gaya nga ng iniuutos sa Batas 657, ang Cassava Law. Hindi dumikit na mabuti ang arina ng kasaba, at ano nga naman ang gagawin nila kung sila ay bibili nito, hindi naman sila maalam magluto ng "cake."

Anong ginagawa ng artistang si Eddie Infante sa sesyon? Doon na kaya siya nagaaral nang kung papaano ang pinakamabuting pagganap sa pinilakang tabing?

Nakita si Zosa isang araw sa bulwagan ng Senado, nakikipagusap kay Senador Cuenco. Sa umpisa, mahusayan ang salitaan, subali't tila nagkakainitan nang kaunti nang huli, at nagdididipa nang pareho.

At ang mga katagang narinig sa matandang senador ay ito: "O, bakit hindi ka magsenador?"

03 March 1959

73 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Samantalang si Cases ng La Union ay bumibigkas ng pribilehiyong talumpati na tumukoy sa ating pakikisama sa Amerika, si B. Ligot naman ng Kagayan ay naglilibot at namimigay ng kanyang sirkular tungkol sa paghingi ng sesyon na magkasama ng Kamara at Senado upang pagusapan ang pagbawi ng "Parity Rights" na ibinigay ng Pilipinas sa mga Amerikano.

"Ang tawag ko riyan sa "Laurel-Langley Agreement." ay L-L, Lalong Lagot ang ating bansa," sabi ni Cases. Subali't ngayon, hindi niya kinakalaban ito.

"Bakit tayo magbibigay ng
(Sa pahina 8, pitak 3)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

"parity right" sa Amerika," ani Ligot, "hindi naman tayo binibigyan nila ng ganyan?"

May ginagawang panukalang batas sina Ferrer, Magsaysay at Bagatsing, upang itatag ang tatawaging 'Magsaysay Journalism Award," na taun-taon ay igagawad ng Pangulo ng Pilipinas. May P50,000 ang inilalaang kuwalta rito, subali't kung ilang taon patatagalin ang kuwaltang iyan ay hindi pa nalilinawanagan.

Ang usapan sa kongreso tungkol sa palabas sa National Press Club, ay masyado raw maraming bantong tubig ang mga atake. Gayon man, ay nagbayad ng tiket.

Si Gerardo Roxas ay dumating na. Galing siya sa bahagyang karamdaman.

Pila-pila "system" na rin sa mga "elevator" ng kongreso. Kung papasok, sa gawing kaliwa ang tayo, at kung lalabas naman ay sa gawing kanan. May isang snador kaming nakita na pumapasok sa kanan. Ang dahilan ay hindi pa niya nakikita ang mga bagong babala.

04 March 1959

72 Araw sa Kongreso 3/4/59

KAMARA

ni Nita Umali

Naiba sa dati ang anyo ng mga kinatawan, habang nakikinig sila sa pagsasalita ni Espinosa ng Masbate kagabi. Nakikinig halos lahat, at walang tawanan o biruan, habang binabanggit ni Espinosa ang tungkol sa buhay ng isang diputado.

* * *

Ang nagagasta raw ng isang kinatawan, upang manalo siya sa eleksiyon, ay mahina ang doble ng kanyang suweldo bilang isang kinatawan sa kabuuan ng apat na taon ng kanyang pagkakaupo.

* * *

Kung sa bagay, masarap nga ang pakiramdam sa mga unang araw ng pananalo, la-

(Sa pahina 8, pitak 5)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

(Buhat sa pahina 1)

lo na kung nasasambit na ang ngalan niya sa mga pahayagan. Subali't hindi nagtatagal . . .

* * *

Tao rin nga ang diputado, nagiisip kung saan kukuha ng ibabayad sa alkila, ng ipagpapaaral sa mga anak, at kung ano ano pa . . . habang sinasabi niya ang mga bagay na ito, mababasa sa mukha ng mga nakikinig ang pagsangayon, at kulang nga lamang ay may tumindig at magsabi: "Kailangang malunasan ang ating pamumuhay . . . "

* * *

Si Paz Catolico ng lupon ng kababaihan, na tinatawag na National Federation of Women's Club," ay malimit ngayong makita sa kongreso.

Maaaring dahil ito sa isang panukalang batas na iniharap ng 11 diputado, panay lalaki, Liberal at Nasyonalista, na hinihingi ang kita ng isang loterya ng Sweepstakes.

Samantala, si Zosa naman ay nagharap ng panukala na magkaroon ng isang lupon na siyang magaaral at magbibigay ng lahat ng kita ng Sweepstakes, sa mga samahan sa kawanggawa. Sa ngayon, ang PSC ang siyang nagsasabi kung kailan at kanino ibibigay ang kita.

06 March 1959

'70 Araw sa Kongreso

3/6/59

KAMARA
ni Nita Umali

Sinagot ni Agbayani ng Pangasinan ang mga sinabi ni Ferdinand Marcos kamakalawa, na karamihan ay kontra sa administrasyon.

Subali't bago dumating sa maayos na usapan ang sesyon kagabi ay nagkaroon muna uli ng intermisyon na "floor show"—taltalan nina Ligot at Cases.

* * *

Nauna rito ang pagbasa ni Mitra ng isang artikulo sa isang pahayagang panghapon, tungkol sa magasing TIME ng Amerika. Tinalakay ng isang pahatid sa World Press Congress ang mga inilimbag ng magasing ito tungkol sa Bolivia na naging dahilan ng gulo roon.

* * *

Bumasa naman si Cases ng isang artikulo tungkol sa Pilipinas na napalimbag sa

(Sa pahina 8, pitak 2)

Ni NITA UMALI
(Buhat sa pahina 1)

Indonesian Times. Dito ay tinutukoy ang mga bapor ng Ruso na nakita sa ating dagat, at sinabi na hindi kailangan iyon upang makakuha ng impormasyon tungkol sa Pilipinas. Sapat na raw na magbayad na lamang ng 30 piraso ng pilak upang makuha ang impormasyon sa Pilipino.

* * *

Galit na galit si Cases. Ano ba raw ang akala ng Indonesya sa mga Pilipino?

Tumayo naman si Cabangbang. Sa ganang kanya raw, hindi dapat masyadong katakutan ang mga bapor na iyan.

Nagkataltalan ang dalawa ng kaunti. Mamaya, sabi ni Cases:

"Bakit ayaw pumunta ng mga Ruso sa Poro Point? Sa Rusya ay hindi maaaring sumagot ng Niet, Niet. (Hindi, Hindi). Doon, panay Da, Da, Da (Oo, Oo, Oo,) Bakit dito sumusuway sila?"

Sinundan niya ito ng mga nga salitang matitigas: Idi-idinunsiya raw niya ang nga Ruso. Idinidinunsiya aw niya ang mga indones.

sa
sa

Diyan tumindig si Ligot.

Ligot: Talaga bang toto-anan iyang pagdidinunsiya ninyo?

Cases: Akala ba ng kinatawan ng Kagayan ay nakatindig ako rito nang walang dahilan?

Ligot: Bakit ang kinatawan ng La Unyon ay galit na galit sa kanyang kasamahang mga Malay, na kakulay natin, at hindi sa Amerikano?

Cases: Hindi sinabi ng mga Amerikano na tayo ay mabibili ng 30 piraso ng pilak. At kung hindi dumating dito noon araw ang mga amerikano, marahil ay nasa gubat pa ang kinatawan ng Kagayan.

Ligot: Hindi ba at ang kinatawan ng La Unyon ay mamamayang Amerikano?

Cases: Higit na amerikano ang kinatawan ng Kagayan. Ang sapatos niya ay yaring Amerika, ang sa akin yari ng Ang Tibay.

Espiker: Hinihiling na ang mga kinatawan ay magsalita tungkol sa paksang pinagu usapan.

07 March 1959

69 3/7/59 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Gaya ng mga ibang Biyernes, matiwasay at tahimik ang sesyon kahapon, Sa araw na ito, ang mga pasilyo ng kongreso ang tila buhay na buhay, at pati na karamihan ng kongresista ay tila ba inaasam-asam ang dalawang araw na walang trabaho.

* * *

Ang bumigkas ng pribilehiyong sandali ay si Albano ng Isabela, at ang paksang tinalakay niya ay tungkol sa ating badyet. Walang sumalansang sa kanya maliban kay Ligot na tila siyang opisyal na taga-sabad sa kamara.

* * *

Si Cases naman ay hindi malimot-limot ang tungkol

(Sa pahina 8, pitak 5)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

sa sinabi ng Indonesya sa mga Pilipino—na tayo ay mabibili ng 30 piraso ng pilak—at nagharap ng resolusyon na ipadadala sa Pangulong Garcia tungkol sa sinabi ng pahayagan ng Indonesya.

* * *

Alisto kayo, mga manggagamot: may panukalang batas na ipinagbabawal ang paglalagay ng katagang **Surgeon**, pagkatapos ng ngalan ng manggagamot, kung ito ay hindi nakakapagpraktis ng siruhiya sa loob ng 5 taon sa isang ospital, o sa ilalim ng isang dalubhasang siruhano, na kinikilala ng Philippine College of Surgeons.

* * *

Aasaltuhin ang 1010 ng isa sa mga kinatawan ng bansa, bukas, sa ikawalo ng gabi, at kahapon pa, lumalakad na ang sirkular na nagpapaalaala sa mga kinatawan sa kanilang pagsama sa pangkat na kakanta ng "Maligayang Bati" sa Shaw Boulevard.

* * *

Ang ngalan ba ng inyong paboritong sastre ay Wa Pe Len? Kung ganoon, napapanahon nang maghanap ng iba, sapagka't may panukalang batas na gawing industriyang pilipino lamang ang mga sastreriya.

Hindi malayo na ang Tres Chic ay maging Tatlong Magagara, at ang Slim's ay gawing Payat's.

10 March 1959



KAMARA

ni Nita Umali

Kapag sa pilipino ay walang tubig. Ganyan ang kahulugan ng sinabi ni Francisco Nepomuceno kagabi. Sinabi niya na sa kanyang lalawigan ng Kapampangan ay may isang pook na kinatitirikan ng 50 bahay. Sa pook na ito ay maghapon ang tubig. Sa iba pang pook ay gabi lamang. "Bakit kami ginaganyan ng NAWASA?"

Ang talumpati ni Nuguid ng Bataan ay tungkol sa kabuhayan. Nagsimula siya na tila isang makata ang pagbigkas.

Una, pipintahan nang pa-

(Sa pahina 8, pitak 8)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

reho ang lahat ng sasakyan ng gobyerno. Ikalawa, matingkad na dilaw ang mungkahing kulay. Ngayon, ang bagong balak ay ipagbiling lahat ang sasakyan ng gobyerno maliban sa mga ginagamit ng presidente, bise, pangulo ng senado at espiker. Balak ito ni Ferrer.

Hindi nagpahuli si Cortez at humabol siya na maglaan ng ₱2 milyong ibibili ng bisikleta para sa mga tininti at konsehal. Pinapangarap ang araw na makitang nagpepedal na papunta sa kongreso sina Pelaez, Magsaysay, Sabido, Marcos, Ligot at iba pa.

Ang buong bilang ng mga kagawad ng Kamara ay 102. Isa ang babae at isa ang binata. Ang balo? Hindi ito matiyak. Subali't tila nagkakalituhan sa listahan ng pagador. Lumilitaw na 133 ang nabibigyan ng "allowance." Mahirap yatang maging 00 ang 33 kahit saang parte ito tingnan. Aba; magagalit niyan ang mamamayan!

Kung ang lahat ng sasakyang nakahanay sa tapat ng bahay ni Dr. Jose P. Laurel noong Linggo ng gabi ay ipagbibili, mahigit sa ₱2 milyon ang halaga. Nagdaos sila ng asalto sa kaarawan ni Laurel.

11 March 1959

67 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Sobra ang siste ni Pedro Venida, subalit sa may dulo ng kanyang talumpati, naging malaman din ang kanyang mga sinabi, kabilang ang mabubuting nagawa ng administrasyon ng NP.

Ang ilan sa paghahambing niya ay ganito:

LP: 3,250 kilometrong kalye.

NP: 5,608 kilometrong kalye.

LP: 920 gusaling eskuwelahan.

NP: 25.023 gusaling eskuwelahan.

LP: 13 "irrigation system."

NP: 1,395 "irrigation system."

at iba pang bagay, pati na ang mga industriya na namulaklak sa administras-

(Sa pahina 8, pitak 6)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

yong bago, at kuwaltang naipon, naibayad, at iba pa.

Kilalang manlalaro ng kataga si Venida, noong nasa U.P. pa at ginamit din ang kanyang panahon sa paglalaro, sa mga katagang Ingles.

Ang ilang bagay na kanyang tinukoy, na nagpatawa sa mga matuwain sa ganyang klase ng siste ay ito:

Maraming ibang bansa ang nagpapatubo rin ng mangga at saging. Subalit dito lamang sa atin nagpapahinog nang sapilitan.

Alin ba ang nauna, ang **chicken** o ang **egg**? Sa Pilipinas daw, kung sayaw din lamang ang tinutukoy, ang **chicken** (Ha, Ha . . .).

Ang Bise Presidente raw ay hindi na niya tinitira, sapagkat ginagawa na iyan ng **Prince Valiant** ng Senado, si Senador Rogelio de la Rosa. Ito raw ang **Third Force**, lamang pagbotohan ha, ika-**third** din lamang siya.

Ang **NP** raw ay may **Blue Ribbon** at **White Paper**. At mayroon ding **red tape**. Kasali raw dito si Dalisay, na ngayon ay kilala na sa ngalang **Mr. Delay-sigh.**

Ang pato ba ninyo ay Pilipino? Kung hindi, ikuha na ng papeles, sapagkat tila malapit maging industriyang pambansa ang balut.

Ngayon, bukod sa **passport**, visa, at iba pa kailangan na malaman nang magbibiyahe sa ibang bansa ang ating kantang pambansa, kung masusunod ang panukalang batas ni Macario Laurel.

12 March 1959

66 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Talagang gayak si Osmeña Jr. ng Sebu sa pagtatalumpati kagabi — maraming libro sa kanyang mesa, bagong gupit ang buhok, plantsado ang amerikana at magkaterno ang panyo at kurbata.

Nasyonalismo ang tinuligsa ni Osmeña bagaman ipinagpauna niyang naniniwala siya rito huwag lamang sobra na maaaring pagmulan ng pakikipagkagalit sa ibang bansa.

Mahirap lumangoy na salungat sa agos. Ang agos ngayon ay nasyonalismo. Subalit napipilitan siyang gawin ito, ani Osmeña. Hindi nga natagalan ay nilunod siya nang mabilis na agos ng mga pangungusap ni Cortes na panay ang "Filipino First and Only."

(Sa pahina 8, pitak 8)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

Ang layon ng sangkatauhan, ani Osmeña, ay hindi pagkakawatak-watak, kundi pagkakapatiran. Walang bansang maaaring mabuhay na magisa, aniya. Tinapos niya ang kanyang mahabang talumpati sa isang gintong patakaran — huwag mong gawin sa kapuwa mo ang ayaw mong gawin sa iyo.

Kasabay ng pagsasalita ni Osmeña ay "lumalakad" naman sa bulwagan ang mga sipi ng pagunita sa Papa sa Roma na padala nina Padre Lim at ng lima pang ibang pari. Ang pagunita ay nananawagan tungkol sa mga paring Pilipino.

Pagdating ng ika-6 ng hapon ay tumunog ang kuliling sa relong pambisig ng gising na si Marcos. Tagapagpaalaala daw niya iyon kung siya ay may lakad. Hindi nga nagtagal ay nakita naming pumapanaog siya. Maganda ang kanyang barong-tagalog na pinili ng kanyang kabiyak.

14 March 1959

64 3-14-59 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Ang nasyonalismo ay hindi isang bagay na pinupuwersa sa pamamagitan ng batas, ani Osmeña ng Sebu kahapon. Ang pagmamahal sa sariling bansa ay hindi sa batas magigising.

Naniniwala ba kayo sa Diyos? tanong naman kay Osmeña ni Roces ng Maynila.

Opo, sagot ng taga Sebu. Kung ganoon, alam ninyo na ang Diyos na rin ang nagtatanong sa tao ng Mabait ka ba? At kung hindi

(Sa pahina 8, pitak 5)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

ka mabait, sa impiyerno ka pupunta.

Kung pati ang kabaitan ay idinaraan din sa ganyang pagbabatas, ang nasyonalismo ay gayon din, patapos ni Roces.

Sa Cherry Grocery kahapon, ineeksamen ng kabisi ang isang mamimili.

'Kayo ba ang bankerong si Laurel?" tanong dito.

"Hindi," sagot ng nakabarong tagalog na binata.

"Apo ka ba ni Senador Laurel?"

"Oo." Pagkatapos ay tumungo ito upang pumirma sa isang tseke, bilang kabayaran sa kanyang pinamili.

May isang katabi na nakapagtanong sa intsik, "Hindi mo ba kilala iyan?"

"'Yan ang Congressman."

Nagkamot ng ulo ang intsik. "Kasi, ang dami-dami Laurel. May senador, may espiker, may banker, marami-marami, meron pa propesor. Mahirap isip kung sinosino. Puro malaki tao."

May bagong siste sa kamara ngayon. Yaman din lamang lahat ng bagay — sastre, botika, eskuwela, balut, at iba pa — ay ginagawang pambansa, pang Pilipino lamang, kailangan daw na ang kongreso na rin ay ma-nationalize. At upang matupad ito, ang unang-unang gagawin ay iekspel sina Chiongbian, Fornier, Bagatsing, at baka sakali, si Roces.

Maaaring maragdagan ng mga pakpak ang mga eskuwelahang maliliit sa madaling panahon. May balita na may kuwalta nang nakalaan upang ipamudmod sa mga ito, at ipagpatayo ng kanilang mga gusali, at ang pinagaayos lamang ay kung saan saan magdaragdag.

17 March 1959

63 3-17-59 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Kahit walang rehas ay piitan din—sa Iwahig Penal Colony, walang rehas, malaya ang preso na galing sa Muntinglupa, a y o n kay Abordo ng Palawan. Dahil dito, kailangang bigyan ng proteksiyon ang mga babae at sanggol ng Palawan, aniya.

Dapat ilipat ang preso sa Iwahig sa ibang kolonya, dahil sa ang kolonya ng Palawan ngayon ay hindi lamang Paraiso na, kung hindi bale korporasyon pa ng gobyerno na maaaring pakinabangan ng husto, ani

(Sa pahina 16, pitak 8)

Ni NITA UMALI

Abordo.

* * *

Ang tanong naman ni Veloso ng Leyte: hindi ba totoo na ang hangin at paligid ng Iwahig ay nakakapagpabuti sa kaluluwa ng tao, lalo na sa mga preso natin?

* * *

Sa wakas ay maaari nang magdiwang ang mga may anak na mahigit sa isang dosena. May panukalang batas na bawa't lumampas sa bilang na ito ay bibigyan ng pensiyon na P50 bawa't anak. Sa ganyan, kung hindi kami nagkakamali sa bilang, magkakaroon ng ekstrang P100 si Sen. Emmanuel Pelaez.

* * *

Panay na lamang ang sabi na may dolar tayo na nakatago sa ibang bansa, anang isang taga pakinig. Bakit wala namang makapagsabi kung sino ang may mga tinagong ito?

* * *

Sobrang tamis, makakaasim din. Kung hindi, bakit may panukalang batas upang ang mga taong may kaugnayan sa industriya ng asukal ay malimitahan ng kaunti ang mga gawain?

18 March 1959

62 3-18-59 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Dahil sa ikalawang taon ngayon ng pagkamatay ni Ramon Magsaysay, ang mga nagsalita sa sesyon ay nagukol ng gunita sa kanya.

Nauna sa kanila si Rogaciano Mercado ng Bulakan, na nagtalumpati sa pambansang wika.

Pumasok sa usapan si Zosa ng Sebu at sandaling inungkat nito ang tungkol sa wika na siyang magiging base ng wikang pambansa.

Nang iilan na lamang ang kausap niya, sinabi ni Zosa na ang hindi niya maintindihan ay kung bakit ang mga kasapi sa direktiba na siyang pipili ng tumpak na mga katagang pambalarila ay pini-

(Sa pahina 8, pitak 8)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

pili ang pinakamahirap at hindi agad maintindihang salita.

Ayon kay Mercado, hindi dapat magdiwang ang sino mang tao sa mundong ito, gaano man ang kapangyariyang kanyang hawak. Lahat daw iyan ay may tapos, lahat ay may araw ng pagtutuos. Akala ng marami ang tinutukoy niya ay ang araw ng paghuhukom, yaon pala ay araw lamang ng halalan.

Kinatawan man siya, hindi rin nawawala ang pagka doktor ni Pedro Trono, at ang kanya ngang barong tagalog na suot kagabi ay may mga burdang sagisag ng siyensiya ng medisina, ahas na nakapulupot na espada.

19 March 1959

61 3-19-59 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Mabilis ang sagutan kahapon samantalang nagsesesyon, at habang nagpapahinga ang mga diputado. Ang paksang hindi pagkaigihan agad ay ang tungkol sa pagbibigay ng higit na kapangyarihan sa mga munisipyo at siyudad, mahigit sa kanilang hinahawakan ngayon.

Mainit ang pagsasalita ni Zosa tungkol sa batas, at pagkatapos, nang maparaan siya sa tabi ni Osmeña, kalalawigan niya, at siyang gumagawa ng mga amendments sa batas na ito, hindi sila nagimikan

(Sa pahina 8, pitak 6)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

man lamang. Marahil, kung naging babae sila, may halo pang irapan.

Ang batas ay magbibigay ng kapangyarihan sa mga munisipyo na magpairal ng buwis sa iba't ibang negosyo at propesyon. Tanong tuloy ni Peralta, "kung ako ay abogado na nagbabayad dito sa Maynila ng lisensya, ibig sabihin ba niyan, maaari rin akong singilin sa aking probinsiya?"

Sino sa mga lampas sa tatlumpung taong gulang ang hindi nakakatanda ng mga trambiya noong panahong una? Maaaring bumalik ang sasakyang ito, bilang kapalit ng jeep, kung magkakaayos sa isang panukalang batas na hinahawakan ngayon ng Komite sa Transportasyon.

Hindi masisisi ang isang nayon sa Bohol na hinging mapalitan ang pangalan nito ng Barrio San Agustin. Ang dating pangalan ay Barrio Baboy.

May panukalang batas si Ziga na bigyan ng takda ang pagbibili ng lason sa publiko. Hindi basta gusto ng isang taong magpakamatay, ay makabibili agad ng arseniko.

20 March 1959

60 Araw sa Kongreso

3-20-59

KAMARA

ni Nita Umali

Minsang manggagamot, palaging manggagamot, gaya nga ni Gustilo ng Negros Oksidental. Nang tumindig siya kagabi upang magtalumpati ay tungkol sa kalusugan ng bansa ang kanyang binigkas

Ayon kay Gustilo, isa na ang Pilipinas sa pinakamasama ang kalusugan sa buong mundo. At ang pinakamalaking dahilan nito ay ang kakulangan ng sustansiya ng ating pagkain.

"May laman ang sinasabi niya," wika ni Jose Roy. "Tingnan na lang ako, kulang sa karne ang pagkain kaya ganito." Subali't hindi naman mukhang kulang sa kalusu-

(Sa pahina 8, pitak 3)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

gan ang kinatawang ito na nakabihis ng magandang ternong *dacron* kagabi.

Nakakuha ng bagong dahilan sa "indolensiya ng Pilipino." Ayon kay Gustilo ay galing ito sa ating pagiging mahihina ang katawan. Ang hindi pag-abante ng ating bansa ay maaari ring masabi na galing sa ating kakulangan sa mabuting pagkain.

At isa pa, ang tao raw na hindi malakas, nagkakaroon ng masamang isipin, nawawalan ng kasiyahan, at maaari ngang masabi na kaya nagkaroon ng rebelyon dito sa atin ay dahil din sa pagkain, pagkain, at pagkain pa.

Ipagbabawal ang paglalabas ng bangus sa ating bansa, ayon sa panukalang batas ni Suntay. Maaari nang matuwa ang mga apisyonado sa bangus, at ang mga bangus din.

Sino mang magaaral ng siyensiya at galing sa isang pamilya na mahigit ang anak sa walo, ay maaaring makalibre ng kanyang pagaaral, ayon sa isang panukalang batas ni Ziga.

21 March 1959

59 3-21-59 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Nagumpisa na ang reses ng kongreso, at magkikita uli ang mga kinatawan sa isa pang Lunes. Karamihan sa kanila ay sa probinsiya ng mga mamamayang naglagay sa kanila sa gobyerno uuwi. May ilan na aakyat sa Bagyo, at maaaring isa o dalawa ang makapagtawid-dagat.

Samantala, ilan sa kanila ang naghahanda na sa darating na Semana Santa? Ayon sa isang malapit sa mga kinatawan, marahil ang Espiker (na "manong") lamang ang mangungumpisal.

Hindi nakabigkas si Dugenio ng malayang talumpati, gaya ng nakatakda, dahil sa inabot siya ng sakit. Ikasampu at kalahati lamang ng umaga, wala nang nakikitang diputado sa bulwagan.

Bukod sa pagsisisi ng
(Sa pahina 8, pitak 2)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

kasalanan, ang panahon ng mga kinatawan sa Semana Santa ay mauubos sa pag-aaral ng kanilang mga talumpating pang-graduation. Si Wenceslao Lagumbay na lamang, 9 na talumpati ang nakatakdang bigkasin at halos lahat ay sa sariling wika bibigkasin, maliban iyong talumpati niya sa Ilokos Sur.

Tapos na ang digmaan, at ngayon, lahat ng kalalakihan, mula sa 16 hanggang 60 taong gulang, isang araw sa loob ng isang taon, ang kakalabanin naman ay "Japanese snail," o kuhol hapones, ayon sa panukalang batas ni Ursua.

Taun-taon ay napaguusapan ito, at maaaring ngayon ay makalusot ang panukala na gawing kawanihan lamang ang "Social Welfare Administration."

Sa siyudad ng Lipa, Batangas, ang namamahala sa kalinisan ng bayan ay ang inhinyero ng siyudad. Ayon kay Laurel, tila hindi tumpak ito, at isinasabatas nga niya na maging tunay na opisyal sa kalusugan ang mamahala sa bagay naiyan.

31 March 1959

58

3-31-59

Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Hindi pa man bumababa ang alikabok ng Mahal na Araw ay umatikabo na naman ang usapan tungkol sa Diyos at relihiyon sa kongreso.

Ang nagumpisa ay si Kong. Sepulveda ng Davaw, sa kanyang malayang pagsasalita tungkol sa paggamit ng relihiyon sa eleksiyon.

Dahil sa paksa niya, ang itinanong sa kanya ni Kong. Cortes ng Pampanga ay kung ano ang kanyang "definition" sa relihiyon.

"Wala," ang sagot ni Sepulveda. Mamaya, upang magkausap daw sila ng ayos, sasabihin niya na ang relihiyon ay ang ano mang paniniwala ng isang nilikha tungkol sa lumikha sa kanya.

Mukhang nagkakainitan sa wala ang dalawa, nang suma-

(Sa pahina 8 pitak 4)

NITA UMALI

(Sa pahina 8 pitak 4)

bat si Amadeo Perez. Tanong naman niya, "Maaari bang malaman kung sino ang Diyos ng dalawang kinatawang nagtatalo?'

Pagkatapos ng apat na araw na walang sesyon, bumalik ang mga kongresista na mga nakangiti. Ang ilan sa kanila ay umakyat sa Bagyo, karamihan, gaya ni Zosa, ay umuwi sa kanilang mga probinsiya. ("Hindi ako makapunta sa Hongkong, hindi ako mayaman," sabi ni Zosa.) Ang mayaman daw sa lahat sa Sebu, aniya ay si Durano.

Isa sa mga kinatawan na nakapunta sa Hapon, ay nagkaroon ng pagkakataong makita ang Lapu-Lapu. Simple raw ito. Gris ang mga dingding, puti sa labas, at puti ang kisame. May silid na ukol sa mga peryodista, na may mga pito a walong makinilya, na tila yaring Hapon.

May mga panukalang batas na gustong maglipat ng ilang korporasyon sa ilalim ng "Dept. of Agriculture and Natural Resources" sa "Dept. of Commerce," at sa "Dept. of Justice." At bukod dito, binabalak din na ang pagpirma sa mga patente ng iupa ay magawa ng "Director of Lands," kung hindi hihigit sa 10 ektarya ang lupain.

Hindi man maalis si Rodriguez at si Dalisay, "ang kalingkingan nila ay tila puputlin."

Mapapagod ang mga kabayo. Dati, ang karera nila ay maaari lamang ganapin sa Sabado ng hapon. Ngayon, hindi malayong mapayagan na gawing buong araw ng Sabado ito.

01 April 1959

57 4-1-59 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Nagsimula ang sesyon kahapon sa pagpapalampas ng mga panukalang batas. Marami ang ukol sa pagpapalit ng pangalan ng iba't ibang baryo. Pag nagkataon, ang ating mga kartero ay magkakasakit sa paghahanap ng mga dating direksiyon.

* * *

Hindi basta kongresista lamang si Pedro Venida. Manunulat pa siya, at hindi basta manunulat lamang. Gumagawa pa ng kasaysayang pampelikula. Ang pamagat ng kasaysayan niyang sinulat ay **Juan Tamad Goes To Congress.** Nakalaman daw dito ang mga bagay na hindi niya masabi sa bulwagan ng Kongreso.

* * *

Tinototoo na tila ang

(Sa pahina 8, pitak 7)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

pagpapagamit ng wikang Pilipino sa ating mga opisyal. May resolusyon na ginawa sina Mitra at Lagumbay na humihiling sa Pangulo ng Pilipinas na magsalita ng Tagalog sa pagtanggap ng mga embahador, konsul, at iba pang ministro ng ibang bansa rito sa atin.

* * *

Tungkol din dito sa sariling wika, nang minsan, dahil sa gustong isatagalog ang mga katagang opisyal na sa Ingles ay "respectfully returned, without comment," ipinadala ito sa isang tagasalin. Nang ibalik ay ganito ang salin: "Magalang na ibinabalik, walang kiaokiao."

02 April 1959

56 4-2-59 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

'Ama ko, patawarin mo sila sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa,' Sa mga katagang iyan sana, tinapos na ang usapan tungkol sa relihiyon na inumpisahan ni Cortes n Pampanga kahapon. Subali't sa halip na maging "consummatum est." humaba pang lalo ang salitaan.

Ang puno at dulo ng hindi banal na usapan tungkol sa isang bagay na banal ay nang ang paksang ungkatin ni Cortes sa kanyang malayang pagsasalita ay tungkol sa mga mahihirap, sa mga Katoliko, at sa kanyang sarili.

(Sa pahina 8, pitak 6)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

Siya raw ay isang katolikong 'practical.' Tinanong sa kanya ni Kin. Zosa kung saan siya nagaral ng teologia at ang sagot ni Cortez ay sa unibersdad ng ekspiriyensa.

Hindi pa nagkasiya na basta dalawang soprano ang mag-usap, may pumasok na BAJO, si Macias ng Negros.

Macias: Ano ang relihiyon ng ginoo ng Pampanga?

Cortez: **Practical Catholic.**

Macias: Anong relihiyon ang **Practical Catholic.** Mayroon bang **Impractical Catholic?**

03 April 1959

55 4-3-59 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Tagalog, Tagalog, at Tagalog pa. Namayan. ang wikang pambansa kahapon sa Kamara. Si Francisco Balagtas, Bulakenyong manunulat ng Florante At Laura, ay dinakila ng mga-mambabatas.

* * *

Unang-una na nagsalita si Wenceslao Rancap Lagumbay. Inungkat na naman ang tungkol sa pagpapalaganap ng sariling wika. Nang magpunta daw ang Pangulong Garcia sa Hapon, sinalubong siya ng mga opisyal doon ng salitang Hapones. Ganyan

(Sa pahina 8, pitak 5)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

din ang dapat dito, ani Lagumbay. Kung sasalubong tayo, hindi Welcome, kundi Tuloy po kayo.

* * *

Maraming salita sa Pilipinas na parepareho sa iba't ibang wika natin dito. Gaya ng baboy sa Tagalog. Baboy din iyan sa Bisaya, Ilokano at iba pa. At dinaliri pa ni Lagumbay ang ilang kataga na ganyan din, gaya ng babae, balo, bagang, bangon, bangkay.

May 5,000 katagang Kastila na ginagamit tayo ngayon sa ating sariling wika, at sa Intsik naman, kinuha natin ang siopao, chop suey, lohua. Sa Ingles man ay hindi rin kakaunti.

* * *

Sabi ni Gustilo, mahirap ang ganyang salitaang Tagalog sa sesyon, sapagkat silang mga hindi nakakaintindi ay kailangang maghanap ng ibang magagawa o maisip samantalang idinaraos ang salitaan sa sariling wika.

Masama ang loob ng Bulakenyong si Rogaciano Mercado dahil sa karikaturang lumabas sa isang pahayagang pang-umaga na ipinakikita si Balagtas na nahihirapan sa 100% sariling wika. Hindi raw tunay na maka-Pilipino ang ganyang damdamin.

* * *

At ngayong nangangalahati na ang sesyon, ano ang mga napapansing paksang kinatutuwaang pag-usapan? Nasyonalismo, Relihiyon, at ang Sariling Wika.

04 April 1959

54 4-4-59 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Hahagupitin daw niya ang mga "lintang bato," ayon kay Lagumbay, sa kanyang pagsasalita sa mga magtatapos sa Central Quezon Academy sa Mauban, Quezon. Bagaman at hindi tumutukoy ng pangalan si Lagumbay sa mga taong kalaban ng Wikang Pilipino, maliwanag na ang ibig sabihin ay isang kinatawan na galing sa Kabisayaan, na malimit gumawa ng "upasala at pagtawad sa wikang sarili."

Nagsalita si Nepomuceno tungkol sa pulitika. Dapat daw ay bawasan ito at ang tunay na ikagagaling ng bansa ang asikasuhin.

Si Baltao naman ay nag-

(Sa pahina 8, pitak 8)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

salita tungkol sa "Social Security Act" at ang mga benepisyo nito na dapat paabutin sa mga magsasaka.

May panukalang batas si Jacobo Gonzales ng Laguna na magtatag ng komite sa loob ng korporasyon ng PHILCOA upang siyang magasikaso sa kadang-kadang. Ngalan nga lamang ng komite ang kailangan, sapagka't talaga namang may mga taong mamamahala nito.

Ngayon ay hindi lamang mga bayan, baryo, lansangan at probinsiya ang gustong palitan ng pangalan ng mga kinatawan. Pati pangalan ng mga eskuwelahan ay iniiba, at pag nagkataon, ang mga nagtapos sa isang bahay-paaralan ay mahihirapang hanapin ng dati nilang pinanggalingan.

May panukalang batas si Gonzales na gawing legal ulit ang mga kuwaltang mahigit sa isang daang pisong denominasyon. Marahil, maraming lilimang rahil, maraming lilimangdaanin si Gonzales?

Maaga na naman natapos ang sesyon kahapon, gaya ng dating nangyayari kung araw ng Biyernes. Lunes, magkikita-kita ulit ang mga kinatawan sa ikapat ng hapon. Kinabukasan, umaga at hapon na ang sesyon, at ga-

09 April 1959

37 4-9-59 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Inalala ang karawan ng Bataan sa simula ng sesyon, bago magsalita si Wenceslao Lagumbay.

Si Lagumbay ay napaiba sa dating paksa, ang tungkol sa sariling wika, nang ungkatin niya ang panganngasiwa ng gobyerno sa lahat ng bagay na may kaugnayan sa pananalapi at badyet ng mga korporasyon ng gobyerno.

* * *

Ang mga naiwan ni Elisa Hechanova ay makakatanggap ng ₱4,800. Ito ay dahil sa ang nars ay namatay sa-

(Sundan sa pahina 8 pitak 2)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

mantalang tumutupad ng tungkulin. Walang tutol sa pagsasabatas nito, at sa ilan pang dumaan nang mabilis, gaya ng pagpapalit ng pangalan ng mga baryo at eskuwela, at pagtatatag ng mga bagong baryo.

* * *

Ang marami rin namang medalya at dekorasyon na naipamamahagi taun-taon ay mababawasan, kung daraan ang panukalang batas ni Villareal, na magkaroon ng isang pader na hahadlang sa ayos ng karangalan.

* * *

Kung ang Amerikano ay maglalagay ng milyun-milyong piso sa Korehidor, tayo naman, kung susundin ang panukalang batas ni Ferrer, ay kailangang magtayo ng ilang monumento sa Bakolod, at upang may magasta, ₱20,-000 ang kanyang ilalagak dito, kung maaari.

* * *

Ipakilala ang husay ng mga sigarilyo at tabakong Pilipino sa ibang bansa, sa pamamagitan ng pag-a-anunsiyo at ibang paraan, ayon sa isang panukala na hindi pa nagiging batas ni Garduque.

* * *

Walang pulong ngayong araw na ito, bilang pag-alaala sa Araw ng Bataan.

14 April 1959

34 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Sa pag-uusap kagabi tungkol sa badyet ay may mga sinabi na naman si Cases, at gaya ng dati, makailang napalayo ang usapan sa talagang paksa. Tinanong ni Cases si Cortes, nang sabihin nitong siya ay isang proletariat, kung Komunista siya. Sagot ni Cortez ay hindi. "Kung ganoon," sabi ni Cases, "ang dapat na itawag ninyo sa sarili ay prorariat."

* * *

Ang gustong maging lagak sa pamimili ng mga pananim na lansones, kakaw at kape ay P1,000, ayon sa isang panukalang batas na iniharap

(Sa pahina 8 pitak 8)

NITA UMALI
(Buhat sa pahina 1)

kahapon.

* * *

Sa isa pang panukalang-batas ay hinihinging mamili ang NARIC ng palay at mais sa halagang 20% na higit na mataas sa pamimili noong 1957. Iminungkahing gawing limang taon ang pamimiling ito ng gobyerno.

* * *

Nais ng ilang kinatawan na bumuo ng isang panukalang batas na nagtatatag ng isang Lupong Tagasulit sa mga nais maging guro upang matiyak na karapatdapat nga silang magturo.

* * *

Apat na kinatawan ng Sebu ang magkakasabay na umalis noong Biyernes patungo sa kani-kanilang balwarte — sina Zosa, Durano, De Pio at Kintanar.

Apat na kinatawan ng Sebu ang magkakasabay na umalis noong Biyernes patungo sa kani-kanilang balwarte — sina Zosa, Durano, De Pio at Kintanar.

May nakarinig sa usapan nila. Ayaw daw ni Zosa sa bill ng autonomiya at hiningi na tanungin siya ni Durano sa bulwagan tungkol dito upang mapag-usapan nila ang bagay na ito.

* * *

Nanood ng isang pelikulang hango sa Bibliya si Maximino Garcia bago nagtungo sa Kongreso. Ang pelikula ay hindi "The Ten Commandments" kaya may nagtanong kung hindi nalito ang kinatawan pagdating sa sesyon.

15 April 1959

33 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Tinuligsa ni Ferdinand Marcos ng Ilokos ang bad-Ayon sa kanya, 75% ng binabalak na paglagyan ng pananalapi ng Pilipinas ay hindi makatutulong sa mamamayan.

Ang depisit daw ng taong nakaraan ay umabot ng ₱371 milyon, pinakamataas mula noong 1954.

* * *

May tunog ng aeroplanong "kamikaze" ang sagot ni Luciano Millan. Kailangan daw na gumasta pa, at magkaroon pa ng depisit. Manghiram pa tayo ng salapi, at mamahagi ng bono upang magamit ang kuwalta sa pagpapaunlad ng mga industriya at ng mga kabukiran.

* * *

Sabi pa ni Millan, kailangan ang kuwalta ng mayayaman ay mapapunta sa mahihirap.

Di magkakaroon ng bagong yaman at bagong hirap, at kailangang ibigay ang kuwalta ng una sa huli, sabi ni Marcos. At pagkatapos, ikot uli. Ang tunog, Gulong ng Palad.

* * *

Hindi raw siya susulat ng aklat tungkol sa Pilipinas, ayon kay Wenceslao Lagumbay. Ang susulatin daw niya ay librong ang pamagat ay "Kung Paano Magpapatubo ng Buhok." Sasangguni siya kay Espiker Romualdez.

16 April 1959

32 Araw sa Kongreso 4/16/59

KAMARA

ni Nita Umali

Sila-sila rin ang naglalaban. Kamakalawa, nangunguna si Osmeña ng Sebu na humingi ng pagkakaltas sa badyet. Kahapon ang Sebuano ring si Zosa ay nagpilit na ibalik ang mga inalis. Ayon kay Osmeña ipakakaltas uli niya ang ano mang ipababalik ni Zosa. Parang lastiko at pag masyado na ang hila sa bawa't dulo ay baka maglagot sa sarili.

Ayon kay Domitilo Abordo, karapatdapat na maging "Bu-

(Sa pahina 8 pitak 2)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

Welfare Administration. Total ay mga kalamidad naman sa palasyo ang naaasikaso ng reau" na lamang ang Social puno nito.

Hinanap ni Durano ang kanyang makapal na berdeng libro ng panukalang badyet. Nang makita itong hawak ng isang peryodista, ay dali-daling kinuha. Marami raw siyang sinulat sa iba't ibang pahina, na hindi pa napapanahong basahin.

Nang dumating ang paguusap sa badyet ng pananalapi, ipinaalis ni Albano ang ilang bahagi nito. Nagreses ng isang minuto, at bumaba si Espiker. Sa paguusap nila ni Albano at nang iba pang kongresista, narinig na sinabi ni Albano, ". . . kung talagang maglilinis tayo . . ."

Sa talumpati ni Jose Abordo kahapon ng umaga, inungkat niya ang tungkol sa mahinang paniningil ng buwis.

Ayon kay Abordo, napagalaman niya na sa taong nakaraan, may P6 na bilyon ang hindi itinala ng mga mamamayan.

Sa 120,000 nating mga guro, 6,454 lamang ang nagbayad ng buwis.

Noon din daw taong 1957, ito ang mga bilang ng ilan sa mga nagbayad:

185 bituin ng pinilakang tabing; 171 arkitekto; 344 na dentista; 225 parmaseutiko; 485 nurses; 1751 mananang-gol; at 1773 manggagamot.

At ang lalo pang higit na katakataka, sa mga nagbayad din ng buwis na may negosyo ay ito ang ilan sa nakalista:

29 na "beauty parlor" at barberya; 27 patahian ng damit babae; 37 sastrerya; 47 klinika at ospital; 61 otel at motel; 24 pagawaan ng radyo; 64 pagawaan ng auto at iba pa.

17 April 1959

30 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Kuwentong panggabi ang isinaysay ni Lorenzo Teves sa pasinayang ibinigay niya kahapon ng tanghali sa Aristocrat.

Subalit pagdating ng hapon, talumpati namang pang-eskuwela sa umaga

(Sa pahina 8 pitak 5)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

ang kanyang ginawa.

"Devaluation" at ang ating kabuhayan ang kanyang inungkat, at upang lalong maintindihan ng kanyang mga estudyanteng kongresista — may dala si Teves sa hapag na mga larawang-guhit, na ipinakikita ang mga pag-akyat at pagbaba ng halaga ng ating mga kagamitan.

* * *

Ang "fountain pen" daw niyang hawak na nagkakahalaga ng $7 sa Amerika, kapag dumating dito ay ipinagbibili ng P50.

* * *

Hindi nagpabaya si Ligot. "Ang Kinatawang Teves ba ay propesor na ngayon?" tanong niya. "At ito ba ay eskuwelahan?"

Sabad naman ni Amadeo Perez, "At ikaw na estudyante, nag-aral ka na ba?"

* * *

Sabi ng naka-"polo shirt" na si Perez, sa naka-"polo shirt" din na si Ferrer: "Maaari ho bang ang ginoong naka-"polo shirt" ay umisod ng kaunti. Natatakluban niya ang graph ng propesor."

* * *

Umiyak si Gng. Castelo sa komite ng hustisya, dahil sa matagal na kaso ng kanyang asawa, na hanggang ngayon ay hindi pa natatapos sa iba't ibang dahilan, kasali na ang rayuma ng isang estenograper.

Gagawing anak-anakan ng bayang Luisiana, Laguna, ang nuno ng partido Nasyonalista, si Amang Rodriguez.

Dahil sa hindi siya makakapunta sa pagdiriwang ng bayang ito, at ng kanilang bagong munisipoy, ang ipinadadala niya ay ang kanyang manugang, si Magsaysay.

Kasama sa mga gugupit ng laso na nakatrangka sa gusali si Gng. Luz Magsaysay.

18 April 1959

29 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Naglamay ang mga kinatawan, at ang sesyon na nagsimula kamakalawa ng ika-3 ng hapon ay tumagal kahapon hanggang sa halos ika-6 ng umaga. Ang badyet na umaabot sa P786 milyon ay dumaan, at ang

(Sa pahina 8 pitak 2)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

susunod na estasyon ay Senado. Marami ang nagsasabi na ang inalis ng mga kongresista ay ibabalik sa itaas—hindi man ang kabuuang P115 milyon, ay ang malaking bahagi nito.

* * *

Pagkatapos ng maraming ngawngaw tungkol sa puwesto nina Kalihim Juan Rodriguez at Pangalawang Kalihim Dalisay, ibinalik uli sila sa kanilang dating pugad. At ang humingi pa naman nito ay ang nagpaalis, si Benjamin Ligot.

* * *

Sabay sa tilaok ng maagang manok ang pag-aaway nina Ligot at Lecaroz, na pagkatapos ay pinasukan naman ni Espinosa. Ang hamunan nina Ligot at Lecaroz ay suntukan, at ang kay Ligot at Espinosa ay barilan.

* * *

At kasabay naman ng paglalaga ng kape ng mga maagang gumising, ang pagkakanta ng mga kongresista, ng "Happy Birthday." Kaarawan ng dalawa sa kanila, sina Sanchez at Primicias.

* * *

Si Peralta ay nakapipiho na ng pagkandidato sa pagka-senador sa susunod na halalan. Ayon sa balita, maraming kongresista at senador ang nasa likod niya.

* * *

Kausap ni Pendatun ang isang dalaga na nagtitipon ng mga pahayag tungkol sa mga kilalang tao. "Hindi ang gusto ko ay ang mga ginugupit mo," ang wika ni Pendatun. Hindi marinig ang kanyang idinugtong.

* * *

21 April 1959

28 Araw sa Kongreso

KAMARA
ni Nita Umali

"Ako ay pabor sa 'Filipino First policy,'" iyan ang walang kahalong birong mga kataga ni William Chiongbian, sa kanyang malayang talumpati kahapon, ikatlo sa buong pagka-kinatawan niya mula noong taong 1954.

* * *

Hangga ngayon daw ay masyado pang maraming namimili ng mga alokasyon ng dolar. Tinanong siya ni Padilla kung gaano ang patong, at sinabi ni Chiongbian na hindi niya alam, sapagkat hindi iyan ang negosyo niya. Niliwanag naman ni Padilla

(Sa pahina 8 pitak 7)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

na noong panahon daw ng mga Liberal, 10 porsiyente ang patong, ngayon, 100 porsiyento, at umaakyat pa hanggang sa 200 porsiyento na mahigit.

* * *

Hindi maintindihan kung saan isusuot ang Philippine Coconut Administration. May isang panukalang batas na ilagay ito sa ilalim ng pamamahala ng Dept. of Commerce and Industry. At may isa pa, na gustong mailagay ito sa opisina ng Pangulo.

* * *

Pagkatapos ng gulo tungkol sa lagay-alis ng Pangalawang Kalihim ng Pagsasaka at Likas na Kayamanan, napag-alaman na ito pala ay dalawa katao, at upang maging malinis ang usapan, may panukalang batas, na gawin na lamang itong isang tao.

* * *

Pinasok ang gusali ng Kongreso kahapon ng mga rebolusyonaryo — ng panahon ng Kastila. Ang hinihingi ay kanilang pensiyon.

* * *

Kilala na ang sikolohiya sa Pilipinas. At ngayon, may panukalang batas naman upang reglahan ito. Baka mapasukan ng mga Lala Tedrow.

* * *

Gusto nina Lagumbay at Albano na maging 75 porsiyento ang 'passing grade' sa 'board' at 'bar.' Anong akala nila, mga henyo tayo?

* * *

Hindi lamang mga rebolusyonaryo ang panauhin sa Kongreso kahapon. Si 'Assistant Fiscal' Mila German ay dumalaw din.

22 April 1959

27 Araw sa Kongreso

KAMARA
ni Nita Umali

Lumagay sa upuan ng espiker si Ortega, at bumigkas ng malayang talumpati si Fortunato Dugenio.

* * *

Talagang umuunlad ang sariling wika! Si Ortega ay nagsasalita ng Tagalog ngayon.

* * *

Isa pang munisipyong may pangalang Magsaysay ang mapaparagdag. Ang pinakabagong ito ay sa Lalawigang Bulubundukin.

* * *

Kamakalawa ay nagkaro-

(Sa pahina 8 pitak 2)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

on ng panauhin ang Kongreso. Nagdatingan ang mga beterano ng rebolusyon. Ngayon naman ay may resolusyon na hinihiling sa Pangulo ng bansa na bumuo ng komite na mag-aaral ng mga hinihiling ng mga beterano ng huling digmaan. Ang sa panahon ng Kastila ay hindi nabanggit.

* * *

Talagang pinag-iisipan ng mga Sebuwano ang kanilang kakahuyan. At ngayon, gusto ng kanilang mga kinatawan — at tila unang beses ito na magkakaisa-isa ang mga ito — na huwag nang magbigay ng konsesyon sa pagpapaputol ng mga punung-kahoy sa gubat.

23 April 1959

26 Araw sa Kongreso

KAMARA
ni Nita Umali

Kumbidado ngayong araw na ito ang alkalde ng Maynila, si Arsenio Lacson, sa miting ng komite sa transportasyon. Paguusapan ang balak na maglagay ng trambiya at tren na pinalalakad ng elektrisidad, sa lunsod.

Sa susunod namang miting, ang kukumbidahin ay ang mga may jeepney at ibang klase ng transportasyon. Lahat ng nagpapala-

(Sa pahina 8 pitak 2)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

kad ng jeepney at bus na may gustong dumalo sa miting ay hinihiling ng kalihim ng komite, si Artemio Ambrosio, na tumawag sa kanya sa Silid Blg. 117, sa lehislatura.

* * *

Humigit-kumulang sa $50 milyon ang lumalabas sa bansa taun-taon, sa pagbili ng gasolina at diesel. At maraming elektrisidad na maaaring gamitin sa pagpapatakbo ng tren. Kaya napag-isipan ang bagong balak na ito.

* * *

Dahil sa masamang tayo ng ating mga ngipin, may panukalang batas sina Fornier, Ladrido, Aldeguer, Montano, Lagumbay, Cases, Roxas at Ferrer, na magdagdag ng 120 dentista na magsisilbi sa ating bansa.

Sa mga kinatawang ito, ang pinakamaganda ang ngipin, at ngiti, ay si Cases.

* * *

"Ikaw na ngayon ang authority sa bases dito sa Kongreso," may nagsabi kay Ligot.

"Dahil lamang iyan sa nasyonalismong lumalakad sa aking dugo," sagot ng kinatawan.

Ayon sa kanya, ang susunod niyang hahamunin ng laban ay si Montano — mageeskrima raw sila. Si Montano ang papipiliin niya ng sandata, dahil sa mahal niya ito.

24 April 1959

25 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

"Nagsesesyon na ba tayo?" ang tanong ni Amadeo Perez kahapon, sa ganap na ika-4:30 ng hapon.

Nag-umpisa nang pagpaparaan ng mga batas sa ika-apat, gaya ng nakatakdang oras na pagbubukas ng pulong. Kung sa bagay mga 20 kongresista lamang ang nakaupo o namamasyal sa bulwagan, at tumpak ang

(Sa pahina 8 pitak 2)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

pagkakatanong ni Perez.

Ang talaga lamang na pinupunterya niya ay si Cortez, na kung bakit daw naka-polo shirt lamang, gayong simula na ang pulong, at kailangan ngang palabasin.

* * *

Humarap si Konsehal Justo Albert sa pulong ng komite sa transportasyon, at kinontra ang pagbabalik ng mga trambiya sa lunsod. Ayon sa kanya, ito ay dagdag na peligro sa trapiko.

Ang higit na kailangan, ayon kay Albert, ay ang pagiging estrikto sa pagbibigay ng lisensiya sa mga sasakyan.

* * *

May panukalang batas na palitan ang ngalan ng Labor Hospital sa Quezon City ng Quezon City General Hospital.

* * *

Kung bibili ka, pihuhin mong hindi nakaw ang iyong binili, sapagkat hindi lamang kasalanan sa Diyos. Maaaring bukas-makalawa, kapag dumaan ang panukalang batas ni Ziga, maging kasalanan din iyan sa ating batas.

25 April 1959

24 Araw sa Kongreso

KAMARA
ni Nita Umali

Kulang sa 30 diputado, at kulang din sa isang oras ang kabuuan ng sesyon kahapon. Nagumpisa sa ika-sampu, natapos sa ika-labingisa, at maraming tigil sa pagitan. Lahat ay nagmamadali, dahil sa mga biyaheng gagawin na paalis sa lunsod. Si Espiker ay sa Leyte ang punta at ang iba ay sa kanilang mga balwarte.

(Sa pahina 8 pitak 5)

Ni NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

Kung sa bagay, nakapagbigay ng malayang talumpati si Inocencio Ferrer. Tinuligsa niya ang mga pagdaraya sa eleksiyon at kailangan daw na ang mga nahuhuling gumagawa ng mga katiwalian ay bitayin. Sinabi niya kung anu-anong katiwalian ang nangangailangan ng lubid.

Upang maragdagan ang salapi ng bansa, dapat ipagbili ang mga sasakyan ng gobyerno, maliban ang sa Pangulo. Ang mga auto ng bayan ay may 4,547. Kung ipagbibili ito sa mababang halagang P5,000 ang isa, magkakaroon ang Pilipinas ng P22,735,000 dagdag sa tesorerya.

Isa pang pandagdag ang puno ng saging. Dapat daw bawa't ulo ng angkan ay magtanim ng isang puno ng saging sa *Arbor Day*. Bawa't isang puno ng saging ay makakapagbigay ng P1 man lamang dagdag sa kanyang kuwalta. Ilagay na may 7 o 8 milyong ulo ng angkan sa Pilipinas, hindi maliit na halaga ang maiipon.

Hirap lamang, kalimitan sa *Arbor Day*, kumbidado ang mga tao na manood ng pagtatanim ng puno ng mga kinatawan, tuloy nakakalimutang magtanim ng sarili nila.

28 April 1959

23 Araw sa Kongreso

KAMARA
ni Nita Umali

Sa pagtuligsa ni Cases kahapon sa Pangasiwaan ng Kagalingang Panlipunan, naulit niya ang isang pangyayari, nang magkabagyo sa Norte. Sa halip na doon magpadala ng relief ang SWA, ayon kay Cases, sa Sebu ito ipinadala.

Tumindig si Zosa. Hindi ba raw alam ng kagalanggalang na ginoo ng Kagayan na pag may bagyo sa Norte ng Pilipinas, pihadong daraan din ang bagyong ito sa Sebu? "Ang Sebu ay nasa sentro ng Pilipinas," paliwanag ng kinatawan ng Sebu.

'Alam ko na ang Sebu ay sentro ng mga bagyo ng puli-

(Sa pahina 8 pitak 5)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

tika sa Pilipinas," mabilis na sagot ni Cases.

* * *

Sampung bagay ang inilahad ni Cases, na panay salungat sa pangangasiwa ng SWA. Nang siya ay matapos, ilang kinatawan ang nagrekomenda na ang mabuti ay ipasa sa Komite ng Mabuting Gobyerno ang tungkol sa kanyang mga binigkas, at suriin daw ang mga tunay na pangayayari.

* * *

May balak na bigyan ng tulong ang ilang propesyon na kulang sa pananalapi, gaya ng mga manunuklas, siyentipiko, eskolar, at manunulat. Ano kaya naman ang metrong panukat na gagamitin upang masabi kung sino ang manunulat?

* * *

Pumasok na magkasabay sa bulwagan ng kongreso sina Licaros at Ligot. Forgive and forgot....

* * *

Gamit pa ni Salipada Pendatun ang kanyang berdeng badge na suot sa miting kahapon ng umaga, sa unang kongreso ng mga Musulman nangyayari sa mga nagugugol sa mga paglalakbay.

8. May mga katiwalian sa mga tinatawag na "community kitchen. sa Pilipinas.

* * *

Balik ang kalabaw sa balita. May panukalang batas si Baltao na ipagbabawal ang pagkatay ng kalabaw at pagbibili nito na pang ulam.

* * *

Hinihingi ng ilang kinatawan na maglaan ng P50,000 upang madala dito ang labi ng namatay na si Jose Maria Panganiban, na nasa Barselona, Espanya. At pagkatapos ay magpatayo raw ng musoleo para sa kanya. Ang kailangang unahin ay sabihin sa karamihan kung sino si Panganiban.

29 April 1959

22 Araw sa Kongreso

KAMARA
ni Nita Umali

Ayon kay Abordo, mula nang ang paghahalal ng mga senador ay maging pambansa, sa halip na por distrito, nagkaroon tayo ng mga senador na galing sa larangan ng pinilakang tabing, sa Isla de Capri at sa bahay na salamin.

* * *

Dahil daw sa ang pulitika, lalo na sa mga probinsiya na mainitan ang eleksiyon, ay malimit na nagtatapos sa kamatayan ng ilan, siya, si Abordo, ay gumawa na ng

(Sa pahina 8 pitak 5)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

kanyang testamento.

* * *

Nagsama ang bloke ng asukal at niyog, ngunit hindi bukayo ang lumabas kundi ang pagpunta sa Malakanyang upang humingi ng tulong sa ikauunlad ng kanilang mga industriya. Sa wakas, marahil ay bukayo rin ang mayayari.

* * *

Hindi lamang basta 'polo shirt' ang suut ni Ferrer sa sesyon kahapon kundi 'polo shirt' na kulay ibong kilyawan.

* * *

Humarap si Gob. Cuaderno ng Banko Sentral sa pulong ng komite ng Economic Affairs na pinamumunuan ni Osmena, at may nagsabing bukod sa kanyang mga report at rekomendasyon, si Osmena ay kahangahanga.

29 April 1959

22 Araw sa Kongreso

KAMARA
ni Nita Umali

Ayon kay Abordo, mula nang ang paghahalal ng mga senador ay maging pambansa, sa halip na por distrito, nagkaroon tayo ng mga senador na galing sa larangan ng pinilakang tabing, sa Isla de Capri at sa bahay na salamin.

* * *

Dahil daw sa ang pulitika, lalo na sa mga probinsiya na mainitan ang eleksiyon, ay malimit na nagtatapos sa kamatayan ng ilan, siya, si Abordo, ay gumawa na ng

(Sa pahina 8 pitak 5)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

kanyang testamento.

* * *

Nagsama ang bloke ng asukal at niyog, ngunit hindi bukayo ang lumabas kundi ang pagpunta sa Malakanyang upang humingi ng tulong sa ikauunlad ng kanilang mga industriya. Sa wakas, marahil ay bukayo rin ang mayayari.

* * *

Hindi lamang basta 'polo shirt' ang suut ni Ferrer sa sesyon kahapon kundi 'polo shirt' na kulay ibong kilyawan.

* * *

Humarap si Gob. Cuaderno ng Banko Sentral sa pulong ng komite ng Economic Affairs na pinamumunuan ni Osmena, at may nagsabing bukod sa kanyang mga report at rekomendasyon, si Osmena ay kahangahanga.

16 April 1959



KAMARA

ni Nita Umali

Tila talagang naghihinanakit si Espiker Romualdez sa kuwentong kumalat at nalimbag, na may 17 alkaldeng Nasyonalista sa Leyte na nag-Liberal. Wala raw katotohanan iyan, at ang mga salitang ginamit niya sa pagdidiin nito, ay walang kahinaan.

———o0o———

Ano ba iyang si Cuaderno, ang tanong ng ilang kinatawan sa malalakas na boses, sasabihing kontra siya sa debaluasyon, pagkatapos ay

(Sa pahina 8 pitak 8)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

maghaharap ng bagong foreign exchange tax na ang suma ay debaluasyon din?

———o0o———

Saan naroon ang listahan ng mga "multong industriya" sa Pilipinas?" may nagtanong kay Roy.

"Nasa Balete iyan," mabilis na sagot ng kinatawan.

———o0o———

Gusto ni Enverga na palitan ang Institute of National Language at gawin itong Institute of Philippine Languages. Tore ni Babel na bersiyong Pilipino.

04 May 1959

20 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Sinamantala ng nag-iisang kinatawang babae, si Tecla San Andres Ziga, ang "Women's Rights Day" ka-hapon, at nagsalita, una, tungkol sa kababaihan at ikalawa, tungkol sa moral at suliraning panlipunan ng Pilipino.

* * *

Ayon sa kanya, ang ating mga makabagong Urduja, Tandang Sora, Gabriela Si-lang, Teodora Alonso, at Leo-nor Rivera, ay sina Josefina Phodaca Ambrosio, Geronima Pecson, Fernanda Balboa, He-

(Sa pahina 8 pitak 5)

06 May 1959

18 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

"Pareho tayong lulubog sa bangka," ang biro ni Perez kay Zoza. Ang pinagusapan nila ay isang bill na maglilipat ng lahat ng bagay tungkol sa bangkang pangisda sa Bureau of Fishery ani Perez, nakakaintindi nga ng pangingisda ang kawanihang ito, subali't tungkol sa bangka, kakaunti.

Madaling maginit ang ulo ni Zosa ,at kahapon, uminit

(Sa pahina 8 pitak 2)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

na naman ito at ang mga salita niya ay nagkakabuhol-buhol. Talo pa noong siya ay makipagtalo kamakalawa kay Marcos. At sa bawa't isang salita ni Perez ay nakaka 20 si Zosa. Nasuspinde tuloy and sesyon.

Ang ating auditor, ayon sa isang pagsusuri ng komite ng Mabuting Pamamahala, ay hindi talagang malalaya. Marami nga ang naalis sa trabaho, sa mga korporasyon ng gobyerno, at ang idinadahilan ng mga korporasyon ay ang kanilang badyet.

Magkakaroon na yata ng batas na ipagbabawal ang pagpapahinog ng mangga at iba pang bungang kahoy sa pamamagitan ng paggamit ng karburo.

07 May 1959

17 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Nagkaisa ang mga kongresista na magkaiba ang sigarilyo at alak kaya ipinasiyang iibahin din ang buwis ng alak.

* * *

Sa ganang kay Francisco ay hindi dapat pagbayarin ng buwis sa hanapbuhay ang mga hinete. Mayroon siyang bill sa bagay na ito.

* * *

Itlog ng ibon ang pakay ng isang bill. Iniharap ito ni Ferrer at itinatadhana ang pagbabawal ng pagkuha at pagsira sa itlog ng

(Sa pahina 8 pitak 8)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

mga ibon. Hinihingi rin na ibawal ang pananakit o pagpatay sa mga ibon ng bansa maliban sa lawin, uwak, kuwago, maya, heron, english sparrow.

* * *

Mabuhay sina Legaspi at Castaneda! Magbibigay sila ng isa pang pista opisyal—Dis. 8.

* * *

Maaaring mawala sa Kongreso si Leonardo Perez kapag siya ay napiling gobernador ng mga manghahalal sa Nueva Vizcaya.

12 May 1959

9 Araw sa Kongreso

SENADO
ni Mary R. Tagle

KAMARA
ni Nita Umali

(Nakatakdang ipinid ang pulong ng Kongreso sa Huwebes, Mayo 21, sa halip ng dating nakatakda na Mayo 23. Dahil dito ay lumilitaw na 13 araw pa mula ngayon ang pagpipinid ngunit ang mga araw na talagang ipagpupulong ng buong kapulungan ng dalawang sangay ng batasan ay 9 na lamang kung hindi ibibilang ang Sabado at Linggo na ipinagpupulong ng mga lupon ang una at ipinamamahinga ang ikalawa.)

NAGBABATAKAN — Nagpipilit na magbitiw si Paredes sa pagka-tagapangulo ng lupon sa gawaing-bayan, subalit mahigpit din naman ang pagtanggi sa kanya ni Espiker Romual-

(Sa pahina 8 pitak 2)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

dez.

* * *

BILL SA LOOK — Ang sanhi ay bill sa look na kilala rin sa mga tawag na bill sa reklamasyon, bill sa pagpapatambak, bill sa Dewey Boulevard. Ang layunin ng bill na ito ay tambakan o gawing lupa ang isang bahagi ng Look ng Maynila mula sa Kabite hanggang sa Maynila sa kahabaan ng Dewey Boulevard. Kung maging lupa na ito ay pagtatayuan ng isang komunidad o bayan.

* * *

SALIGANG BATAS — Tiyak na mag-uusap ang Kamara at ang Senado tungkol sa konstitusyon na ang paksa ay susugan ito. Ang nais nina Rodriguez at Romualdez ay Nasyonalista at Liberal ang mag-usap ngunit salungat si Marcos na isang Liberal. Nangangamba siya na pag-usapan ang pagpapaikli sa panahon ng panunungkulan ng ilang pinuno natin.

* * *

BALAK SA BISE — Ang isa sa mga naririnig na susog sa Saligang Batas ay gawing pangulo ng Senado ang Pangalawang Pangulo ng bansa.

SABAY-NA HALALAN —Binabalak ding isusog sa konstitusyon ang paghahalal ng senador sa bawat purok at pagsabayin ang lahat ng eleksiyon, pambayan at pambansa, mula sa 1965.

06 May 1959

8 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Humarap sa sub-komite ng "Good Government," sa ilalim ng pamumuno nang naka-makulay na polo shirt na si Ligot, ang puno ng SWA, si Amparo Villamor, kahapon ng tanghali. Si Gng. Villamor ay nakasuot naman ng kulay murang kape na bestidong "lace."

* * *

Bago pa dumating ang takdang oras ng imbestigasyon sa puno ng SWA, tungkol sa mga sumbong ni Cases sa kanya at sa kanyang opisina, naghihintay na ang puno ng SWA at ang kanyang mga kasama. Ang isa pang maagang dumating ay si Magsaysay, isa sa mga kagawad ng komite na magsusuri sa kanya.

* * *

Ayon kay Villamor, ang maraming sumbong na si

(Sa pahina 8 pitak 2)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

Rosalia Reyes, na nang umaga ay siyang kasama ni Cases sa isa ring pagsusuri tungkol sa SWA, ay kilala na sa pagiging reklamista. Ito raw ay nasuspinde sa ilalim pa ng pamamahala ni Pacita Madrigal Gonzalez, sa SWA, at noong panahon naman ni Gng. Perez ay siniyasat na rin ito. Ayon sa mga dokumento, si Rosalia Reyes ay malimit sumulat sa mga may-kapangyarihan na nagrereklamo tungkol sa kung anu-ano sa SWA.

* * *

Nang tanungin si Villamor tungkol sa pagkakapadala ng panaklolo sa Dabaw, samantalang wala namang bagyo roon o ano mang salot, sinabi nito na ang gawain naman ng SWA ay hindi magpadala lamang ng tulong sa mga pook na inabot ng sakuna, kung hindi rehabilitasyon din — ang pagpapadala sa panapanahon sa mga nangangailangan.

* * *

Sinabi kay Gng. Villamor na may mga kopyang "photostat" ng mga "voucher" na sinasabi na ang pagkakapadala sa Dabaw ng panaklolo ay dahil sa bagyo. Subalit sinabi ni Villamor na hindi niya matatanggap ang ano man, hanggang hindi niya nakikita ang mga dokumentong sinasabi. Isa pa, ayon sa isang kinatawan na naroon, hindi maaaring tumanggap ng "photostat" lamang bilang ebidensiya, kailangan ang tunay na dokumento.

* * *

Isa pang bagay na tinanong ni Ligot ang tungkol sa sumbong na noong 1957, Pasko, ay namigay si Villamor sa mahihirap ng mga regalong umaabot sa halagang P5,000. At kasama sa mga bagay na ipinamigay ay mga kamisadentrong nagkakahalaga ng P10 hanggang P16, at pantalon na P32.

Nagulat si Villamor sa pahayag na ito, at ayon sa kanya, hindi niya nalalaman ang mga bagay na iyan. Hindi nagbibigay ng mga kamisadentro ang SWA kung hindi palaging "T-shirt." Subalit kung mayroon daw sa kanyang mga empleado na gumagawa ng ano mang katiwalian, nakapipihong isasakdal niya ang mga ito.

* * *

May handa nang kasagutan sa lahat ng sakdal ni Cases ang SWA, 100 kopya ang inilimbag upang ipamigay sa lahat ng nagnanais makaalam ng tungkol sa pamamalakad ng SWA.

* * *

Bukas ang SWA, ayon kay Villamor, sa lahat ng may gustong magsuri sa kanilang papeles, at sa kanilang pamamalakad. Ganoon din, maaaring tingnan sa "Auditing Office" ang tungkol sa lahat ng kuwaltang lumalabas sa kanila.

* * *

Dahil sa nabanggit ni Gng. Villamor ang ngalan ni Chioco tungkol sa isang sakdal na bumili ang SWA gayong may "stock" noon sa NARIC (sinabi ni Villamor na ayon sa Naric, nang panahong nagtanong sila ng bigas, ay wala raw "stock") kung kaya napagkaisahan na "kumbidahin" si Chioco sa isang imbestigasyon.

14 May 1959

7 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Sa paguusap ng tungkol sa batas ng serbisyo sibil kahapon, samantalang nakikipagdiskusyon si Peralta sa isang kinatawan tungkol sa pagsasanga ng serbisyo sa mga probinsiya, biglang tumigil ito, humarap kay Cortes na nakatindig ng ilang metro ang layo sa kanya, at sinabi (sa harap din ng pampalakastinig na mikropono) "O bakit ka nakatawa riyan?"

Hindi rin naalis ang ngiti sa mukha ni Cortes.

* * *

Ang kaunti nang magsuntukang si Marcos at Montano

(Sa pahina 8 pitak 2)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

kahapon sa pangumagang sesyon, ay magkabating-magkabati na pagdating ng sesyon sa hapon.

* * *

Ang unang babaing konsul-heneral ng Pilipinas ay si Ginang Estela Romualdez Sulit. Pinagtibay ng Komisyon sa Paghirang ang kanyang puwesto. Sa Chicago, Illinois siya unang uupo sa silya ng konsul-heneral ng bansa.

* * *

Ang mga sakdal ni Nueno kay Dalisay ay dumating sa kongreso. Inulit ni Nueno ang maganda at malaking bahay ni Dalisay, ang maliwanag na pagpirma ni Dalisay sa mga patente, at ang isang kaibigan niyang Amerikano.

* * *

Katakataka ang laman ng bulsa ng isang tao. Sa paghahanap ni Roces ng isang "clipping" inilabas niya ang laman ng kanyang bulsa, at bukod sa panyo, may makapal-kapal ding kuwalta, papeles, lastiko, at tila tiket pa.

15 May 1959

KAMARA

ni Nita Umali

120,000 TSUPER — Humarap sa lupon sa transportasyon ang Samahan ng mga May Jeepney at tinutulan ang panukalang maglagay sa Maynila ng trambiya at tren na pinakikilos ng elektrisidad. Maaaring makapagtipid sa gasolina ngunit paano naman ang 120,000 tsuper ngayon ng jeepney?... na botante... sabi nila kina Bagatsing, Castillo at Abordo.

* * *

7,000 JEEPNEY — Ang jeepney sa Maynila ay uma-

(Sa pahina 8 pitak 2)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

abot sa 7,000. Ang mga tsuper naman ay hindi palaging nakapagmamaneho at kung "makalabas" man ay hindi palaging sa buong maghapon.

* * *

"CHASSIS" — Bukod diyan, sabi ng mga may jeepney, may mga pabrikante na tayo ngayon ng "chassis" ng jeepney at ito ay nagbibigay din ng hanapbuhay sa maraming Pilipino.

* * *

KASTILANG-JEEP— May mga salitang kastila na pang-jeep lamang, gaya ng "hora de peligro" at "dia de peligro." Ang ibig sabahin sa oras ay lagay, multa o pangkape, at sa araw ay pagbabayad sa utang sa bahay, ilaw at iba pa.

* * *

"20' BINABAYARAN— Ang tagapagsalita ng mga may jeepney ay si Luchico. Sinabi niyang 20 bagay ang binabayaran ng isang nagpapalabas ng jeepney. Sa 6 lamang ng 20 bagay na ito ay P33 milyon na ang naibabayad taun-taon sa Siyudad ng Maynila.

16 May 1959

5 Araw sa Kongreso

5/16/59

KAMARA

ni Nita Umali

Sa labas ng gusali ng kongreso kahapon ay may mga kartelon na hinihingi ang pagpili ng mga opisyal ng siyudad ng bansa sa pamamagitan ng halalan. Sa loob naman, inalis sa "yelo" ang panukalang batas na ito at "isinalang."

Si Padilla ang kusinero.

Ang mahalagang dolar, na hindi malaman kung saan nagsusuot ay pilit hahanapin ni Suntay, sa pamamagitan ng pagbabawal sa lahat na magtipon ng ano mang klaseng kuwalta sa ibang bansa.

Dati, upang magkakuwalta, ang mga samahan ay nagpapalaro ng may bayad na bas-

(Sa pahina 8 pitak 2)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

ketbol, o putbol, o baseball. Ngayon, nais ng Amateur Athletic Association na ang kita sa isang karera ng Sweepstakes sa entrada, ay sa kanila mapunta. Mamaya, ang Sweepstakes na rin ang hihingi ng isang laro para sa kanilang sarili. "Charity begins at home."

Isang malaking piging ang idaraos sa Taytay ngayong tanghali, handog ng magasawang Esguerra, at sa pangungumbida nina Francisco Sumulong at maybahay.

Ang pararangalan ay mga opisyal at miyembro ng Rizal Mayor and Councilors' League.

17 May 1959

4 Araw sa Kongreso

KAMARA

ni Nita Umali

Sa pagtataas ng halaga ng buwis sa palitan ay sari-saring daing ang nabulalas kahapon. Lalong tataas ang halaga ng gatas, lalong hihirap ang biyahe, at lalong magiging mahal ang mga bagay na galing sa ibang bansa.

* * *

Katapusang araw ng sesyon sa Mayo 21. Sa Mayo 22 ay magkikita-kita uli ang mga kinatawan at senador ng dalawang partido.

* * *

Mawawalan ng trabaho ang mga "ten perlenters," "compa-compadre," at "malalakas," kung totohanin

(Sa pahina 8 pitak 3)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

ang pagsunod sa bill na dumaan sa Kongreso kahapon — na parurusahan ang bagong propesyon, "influence peddling."

* * *

Eskrima na naman ang itaas at ibaba. Gusto ng Kongreso na ibalik sa badyet ang mga bagay na inalis ng Senado.

* * *

Samantalang nagpapaalaman na halos sa Kongreso, sa bahay ng mga Romualdez ngayong gabi ay bienvenida naman ang ipagdiriwang, dahil sa pagdating ng mga ginang nina Embahador Lopez at Ministro Leuterio.

* * *

Hindi nahihigtan ni Bagatsing ang kanyang ginang, sapagkat habang nagpapawis siya sa Kongreso, bukas, ang kanya namang maybahay ay nag-aabalang magturo sa siyam na debutante kung paano ang tamang gawi at kilos. Sabay na "magdedebu" ang siyam na dalaga, at tuloy gagawing benepisyo ang pagdiriwang. Ang kuwaltang papasok ay ibibigay sa paboritong dahilan ng maraming kapistahan, kay "Charity."

18 May 1959

3 Araw sa Kongreso

KAMARA
ni Nita Umali

LALONG UMINIT — Halos umusok ang kalagayan kahapon sa Kongreso nang magtanong si Paredes kung bakit pinagtibay ang bill sa reklamasyon habang siya at si Fortich na tagapangulo ng lupon sa gawaing-bayan ay wala. Dahil sa pangyayaring iyan ay maaaring magduda tuloy ang bayan, ayon sa kanya.

* * *

"SALUBONG" — Dahil sa hidwaan sa bill ng palitan ng dolar na ang 25 porsiyentong buwis ay ginagawang 40 porsiyento, si Gonzales ay nagmumungkahi ng "salubong," Ang kanyang mungkahi ay 30 porsiyento.

(Sa pahina 8 pitak 5)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

MATANDANG KANTA — Isang matandang awit ang nagbabalik sa atin ngayon—ang "Dollar, Dollar, Thou Has Wandered. . ." Kapuwa hindi magkaayos ang Senado at Kamara sa bill na paborito ng pangulo.

* * *

TUKOD NI LADRIDO — Ang tungkod ni Moises ay tinubuan ng dahon subalit ang tukod ni Ladrido ay naisnaming ipaliwanag na hindi tungkod sapagkat hindi pa siya matanda upang mangailangan nito at sapagkat nabatid naming may masakit lamang sa kanyang paa dahil sa tumutubong buto... sa kanyang paa. Gayon man ay pumasok pa rin siya kahapon.

19 May 1959

2 Araw sa Kongreso

KAMARA
ni Nita Umali

Ang sagot ni Cabangbang sa "Puting Papel" ay nakasulat naman sa 'onion skin.'

Ayon dito, ang nagugol sa bahay niya ay P40,000 mula pa nang ipagawa niya ito noong 1954. Ang kanya namang napagtrabahuhan sa pamamagitan ng pagiging piloto ng PAL at sa Kongreso, ay umaabot sa halagang P107,500.

Walang anak si Cabangbang, may asawa, at ang bahay na tinitirahan niya ngayon, ayon din sa kan-

(Sa pahina 8 pitak 4)

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

ya, ay mabuti lamang ng kaunti sa 'servant's quarters' ng bahay ni Cuenco.

* * *

Kakandidato sa pagka-gobernador ng Pampanga si Emilio P. Cortez. Ipinaaalaala pa niya sa lahat na huwag kakalimutan ang "P" sa kanyang pangalan, sapagkat "iyan lamang ang natitirang alaala sa kanya ng kanyang ina."

* * *

Pinag-usapan ang pagtataas ng hepe ng konstabularya, at sa ng 'commanding general' ng Philippine Army, sa 'major general.' Si Cabangbang ang may akda ng bill na ito. Ang kay Marcos naman ay bakit pa tayo magdaramot sa paglalagay ng mga heneral? Gagawa rin lamang, sampuin na. Ipinagpabukas ang pagtutus: at Ziganosa, Fuentebella, at Tirahan na magbibigay ng tirahan sa kanila.



21 May 1959

1 Araw sa Kongreso

KAMARA
ni Nita Umali

Halos napipiho na ang pagkakaroon ng tanging sesyon ng Kongreso. Nangako ang pangulo na magpapairal ng kontrol sa presyo upang matahimik ang mga natatakot sa pagtaas ng halaga kung pagtibayin ang 40 porsiyentong buwis sa palitan.

* * *

Inaasahang makalilikom ang bansa ng mula sa P100 hanggang P150 milyon sa isang taon dahil sa tatlong bill — dagdag na buwis ng sasakyan, dagdag na buwis sa hititin, at bayad ng mga bapor na dumaraong sa ating mga piyer.

(Sa pahina 10 pitak 2)

NITA UMALI
(Buhat sa pahina 1)

Napuyat na naman ang magkasanib na komite sa badyet ng dalawang kapulungan ng batasan sa pangunguna nina Puyat at Fornier. Umaga na nang matapos kahapon at nagsimula uli kagabing ikapito, oras na matao sa mga "night-club."

* * *

Sa pag-uusap ng komite sa paghirang ay kinatigan ni Cases ang paghirang sa tatlong heneral upang maging mga komandante heneral.

22 May 1959
END OF REGULAR SESSION

Pagpipinid Ng Kongreso

Senado

MARY TAGLE

5/22/1959

TAPOS NA ANG "BOKSING". — Natapos na rin ang sesyon, at kahit umaga na, walang umaangal na mabigat ang kanilang mga mata.

* * *

NANGUNGUNA SI TOLENTINO — Sa isang tanungan, hindi opisyal, lumalabas na si Tolentino ang pinakamagaling na senador sa sesyong ito. Ito'y dahil sa napipili niya ang mga 'controversial' na usapan, kagaya nang Lapu-Lapu at ang anti graft bill.

Siya'y tutuloy daw sa Tokyo upang magpahinga. Isang linggo lamang siyang mawawala.

KALIHIM MABANAG — Nagsalita sa huling pagka-

(Sa pahina 8 pitak 3)

Kamara

NITA UMALI

Lumabas ang mga amerikana at barong tagalog na magaganda kahapon, at wala isa mang naka-polo shirt sa kongreso. Maraming diputadong parang biglang nagising sa katanghalian. Nagdudumaling nagsalita tungkol sa iba't ibang bill.

* * *

Ipinaliwanag ni Pendatun na hindi niya kagagawan ang hindi pagkatapos ng bill na ginagawang pambayan ang industriya ng mais at bigas. Ang bill na ito ay umabot hanggang "second reading", at ang akala nga nang karamihan ay nakaraan na. Subali't sa himig ng pananalita ni Pendatun kasama sa mga may kasalanan ang isang In-

(Sa pahina 8 pitak 4)

Pagpipinid Ng Kongreso Senado At Kamara

MARY TAGLE

(Buhat sa pahina 1)

kataon si Mabanag bago hinawakan ang pagkakalihim hustisya. Sumagot naman sina Lim, Primicias at Padilla, at napalabas tuloy sa kanilang usapan na si Mabanag ang pinakamatagal sa serbisyo sa senado — nagumpisa siya noong 1922 pa.

Nakikita na nang marami ang sakit ng ulo ni Mabanag — siya ang magmamana ng "White Paper."

* * *

LIDER NI LIM — Dalawang paring Kapuchino ang pumasok sa bulwagan, at nang makita ni Lim, ngumiti siya. "Sila'y aking lider," aniya.

MGA HULING BUSINESS NG SENADO — 1) Nahirapan si Pelaez sa "Barrio Autonomy Bill" niya pagka't hindi raw sangayon ang Malakanyang. Maraming kalaban at nagtatanong sa kaniya sa plor: sina Lim, Sabido, Manang, Paredes.

2) Ang anti-graft bill ni Tolentino ay naipit sa kamara. Ayon kay Tolentino, sabi ni Kong. Zosa ay maraming kumokontra pagka't iba sa kanilang bill.

* * *

SI NUENO SA SENADO — Hindi naman daw kailangang buhatin pa si Nueno, ani Nene Zulueta, sergeant-at-arms sa senado. Ikinuwento niya na medyo tumaas ang boses ni Nueno habang mayroong hearing, at nilapitan naman lamang daw niya at lumabas na si Nueno. "Alam mo naman si Nueno," ani Zulueta, "masalita lamang iyon."

* * *

MEDALYA KAY PRIMICIAS — Tatanggap si Primicias ng isang dekorasyon na galing kay Francisco Franco ng Espanya. Ito'y ang "Gran Cruz de la Orden de Merito Civil."

NITA UMALI

(Buhat sa pahina 1)

tsik na naging Pilipino sa pamamagitan ng naturalisasyon, subali't hangga ngayon ay miyembro pa ng Chinese Chamber of Commerce.

* * *

Kahit huling araw na ay nagpasok pa rin si Ligot ng isang bill upang tagalog ang gamiting salita sa ating mga selyo.

* * *

Anp isa pang bill na ipinasok sa huling araw ay tungkol sa mga estudyante at panauhin natin na taga ibang bansa. Sa bill na ito ay ipinagbabawal sa mga panauhing ito na magtrabaho sa Pilipinas, sa gobyerno man o sa pribado.

* * *

Nagsabi si Albano na talagang kahangahanga ang pagkatanggap kay Sekretaryo Pajo nang magpunta ito sa Isabela, at nakita nga na si Pajo ay popular sa probinsiyang ito.

* * *


Siksikan ang mga pasilyo ng kongreso sa mga osyoso, kamaganak, at lobbyists, na ngayong tutugtog na ang huling oras ay umaasa pa.

* * *

At sa huling araw pa rin, ang mga silyang balat sa kongreso ay maalikabok, bago umupo si Roces, nilinis niya ng panyo ang kanyang silya, at nang matapos, kulay gris ang panyo.

* * *

Kagabi, matapos ang sesyon sa hatinggabi, ang lahat ay sa pasinaya ni Romualdez nagpuntahan — maliban sa mga napagod na masyado o may ibang date. Naghandog si Romualdez ng media nocheng despedida, parangal sa lahat ng kinatawan sa kanilang mga ginang. Nangunguna sa kanyang mga special guest ang Pangulo at Gng. Carlos P. Garcia.



Nita Umali Berthelsen, a short bio

Ines Umali was born on 21 January 1923 to Tomas Recio Umali of Lipa, Batangas, abogado and Concepcion Herrera of Gasan Marinduque, mujer de casa, at the Hospital de San Pablo.

She was baptized in the parish of Intramuros on 8 February 1923 as Maria Ines Juliana Umali. Her godparents were Primitivo Recio Kalaw (the cousin of Tomas) and Eufresina Guevarra.

She began her schooling in 1929 at St Scholastica's College Manila as Nita Umali. In 1932, she transferred to Tiaong Elementary School, where she graduated in 1935.

She began first year of high school at Philippine Women's College (later known as PWU) and later returned to St Scholastica's, where she graduated high school in 1939. She began her tertiary education at the University of Santo Tomas, but that was interrupted by World War II. She returned after the war, and continued her studies, and was also a member of the faculty even if she had not yet completed her degree. She graduated in 1946. In July of that year she was awarded the degree of Bachelor of Arts (AB), Summa cum laude. In November of the same year, she was awarded the degree of Bachelor of Literature in Journalism, Magna cum laude.

She then left for the United States in 1947 (her passport indicating Maria Ines Julianita Umali) to study at the State University of Iowa (University of Iowa) where, as Maria Inez Julianita Umali, she obtained a Master of Arts in English in February 1949.

She then returned to Manila.

In December 1949, at age 26, she won third prize in the Philippines Free Press Short Story awards for "The Moneymakers". First prize that year went to Nick Joaquin's "Guardia de Honor" and second prize to Gonzalo Villa's "Death of an Illusion."

In 1956, the National Press Club of the Philippines, awarded her a Certificate of Merit for distinguished and significant work in the field of journalism for the year 1955

From 1950, after the award for The Moneymakers, she began writing for major Manila newspapers and magazines in both English and Tagalog.

I cannot be absolutely certain of the dates, but it appears that from 1961 she began working for Philcoa. I am not sure in what capacity, but it would have been writing, and I recall visiting the offices at the Circle often to submit articles and vouchers.

In 1963, she took a Civil Service Exam as for Press Relations Officer, and passed.

She began working at the Malacañang Press Office under Jose Aspiras, the Press Secretary.

In 1970, she was made Project Director of the Population Information Education Office of the National Media Production Center (NMPC), with main offices in Solana Street, Intramuros Manila. In 1971, at the East-West Center in Hawaii, she attended a course which was a Pilot Seminar in Communications in Family Planning. I believe she was the first who used the medium of comics in the Philippines to push the message of Responsible Parenthood.

In 1973, the family moved to Copenhagen. In 1976, she was assigned as Special Assistant of the National Media Production Center in Europe.

From 1978 – 1986 she was assigned as Officer in Charge of NMPC office in Europe and Consultant to the NMPC USA area. In 1978 she was named Honorary Tourism Representative of the Department of Tourism in Copenhagen by then Tourism Secretary Jose Aspiras.

She continued to contribute articles to magazines in the Philippines and newspapers and journals in Denmark.

She married Poul Berthelsen in Manhattan, New York City on 12 January 1952 and then on 23 January 1956 in the parish of San Juan, Rizal.

Nita had three children: Janice born in 1953, Karen Marie born in 1955, and Jan Emil born in 1964. She has five grandchildren: Tania and Marc Viarnaud, Thomas Cardenas, Nicola and Sean Berthelsen.

In 2000, she suffered a stroke in Copenhagen, and returned to the Philippines in 2005.

Nita Umali Berthelsen passed away in 2014 in Quezon City.

1 Araw sa Kongreso


SENADO
ni Mary R. Togle

NAGKAPE LAMANG — Sa kaunaunahang pagkakataon kahapon ay nagpasyal si Alejo Santos, bagong kalihim ng tanggulan, sa opisina ni Alonto, pinuno ng lupon sa paghirang.

Ano ang kanilang pinagusapan? Wala naman daw. Nagkape lamang sila, ani Alonto.

KAMARA
ni Nita Umali

Halos napipiho na ang pagkakaroon ng tanging sesyon ng Kongreso. Nangako ang pangulo na magpapairal ng kontrol sa presyo upang matahimik ang mga natatakot sa pagtaas ng halaga kung pagtibayin ang 40 porsiyentong buwis sa palitan.



(Sundan sa pahina 10 pitak 2)